


AKING NARINIG NGUNI'T NGAYO'Y AKING NAKIKITA

 Kayo po ay makakaupo na. Mabuti ang makaparitong muli ngayong gabi. Buo ang pagpapasalamat na mayroon tayo nitong pagkakataon muli ngayon para makapaglingkod sa Panginoon. At matapos na kayo ay panatilihin nang matagal kagabi, sa wari ko'y hindi marapat na muling panatilihin kayo nang matagal ngayong gabi.

² Kani-kanina lamang nasa likuran nakikinig ako sa isang kasama nating kapatid na lalake, sa Panginoon, na kagagaling lamang sa Indiana, nabagabag ng isang kakaibang panaginip. Hindi pa siya nakarating sa Shreveport noon, sa buong buhay niya. Subali't nanaginip siya, noong isang gabi, na siya ay pumarito sa Shreveport, hindi sa sarili niyang kotse. At dumating siya na may isang . . . o nakarating kung saan, sa isang simbahan kung saan ako'y nangungusap. Sinabi niya, pagkatapos kong mangaral at manalangin para sa mga tao, sabi, "May isang bagay na magaganap." Sabi, siya ay "bumalik nang sumunod na araw." At sinabi niya, kaniyang "kilala ang gusali, kung ano ang itsura nito." Sabi, "May isang-may isang pangmamamayang awditoryum sa kabilang kalsada, subali't hindi sila pumasok sa awditoryum." Sabi, "Iyon ay sa gawing ito, sa isang batong gusali na mayroong pakpak nito, at ang gusali ay natatayo lamang ng tulad nito." At ang-ang batang lalake ay isang mapanaginipin, nakita ko ang kaniyang mga panaginip at alam ko na ang mga iyon ay totoo.

³ At sinabi niya-at sinabi niya, "Pagkatapos sa huling gabi" na ako "ay nangungusap at nanalangin para sa maysakit." At sinabi ko, "May isang bagay na napipintong maganap." At para bang tunog ng isang ingay ng kulog." At sabi, "Ang mga tao ay nagsimulang magsigawan." At sabi, "Habang ang kulog ay papalayo, aba," sabi "Lumikha ito ng isang tinig, at nagsimulang mangusap." Sinasabi, "Na ang pangungusap na iyon ay nagpapatuloy, na sa pamamagitan ng mga siwang na ito (ng mga bintanang naririto) ay dumating ang Kaluwalhatian ng Diyos, pumapasok, sa anyo ng Haliging Apoy." Hindi pa niya Iyon nakita kailan man. Narinig na niya tayong nangungusap tungkol Dito, nguni't hindi pa niya Ito mismo nakita kailan man. At sabi, "Hayun Iyon, lumagos sa mga bintana nang paganoon, at nag-anyong Liwanag na iyan na tulad ng nakikita n'yo sa larawan, sa itaas mismo ng mga tagapakinig rito." At sabi, "Iyon ay may hinihuhugong na isang bagay." At sabi, ako ay "tumindig, at nagsabing, 'Iyan ay si Jehova na Diyos.'"

4 At sinabi na kaniyang “naalaala ang (nang iniisip niya ang tungkol Dito) nang tinawag ni Moises ang . . . inilabas ang bayan mula sa Egipto. At kanilang sinabi, ‘Hayaang si Moises na ang magsalita, at huwag ang Dios, baka tayo’y mangamamatay.’”

5 Sinabi niya, “Ang lahat ay nakahandusay sa sahi, nakataas ang kanilang mga kamay, sumisigaw.” Sabi siya raw “ay sumisigaw, din, ‘Panginoong Dios, mahal kita! Mahal kita!’” At niyugyog siya ng kaniyang asawa at ginising siya.

6 Nakikita ko siyang naglalakad sa may pasilyo ngayon mismo, si Kapatid na Jackson, isang dating mangangaral na Metodista. At siya ay labis na nabagabag, hanggang sa siya ay pumarito; at sabi nang siya raw ay pumasok, siya “ay lubhang namangha,” katulad na katulad iyon sa kalagayan na nakita niya sa panaginip. Hindi ko alam kung ano ang kahulugan nito. Inilihim ito ng Panginoon sa akin. Nguni’t isang bagay ang maaring mangyari, dangan si Kapatid na Jackson ang nanaginip niyon, kilala siya bilang isang tapat, tunay-tunay na lalake, lingkod ng Diyos.

7 At ako-aking alam na siya ay nananaginip ng mga panaginip, pumupunta sa akin, at ipinagkakaloob sa akin ng Panginoon ang kapaliwanagan, iyon ay sadyang naging lubos na katulad na katulad niyon. Maging sa, minsan, ang pagpunta ko sa Arizona, ay napanaginipan niya ito.

8 At siya’y labis na bagabag. Kasama niya ang kaniyang maybahay, isinama niya siya. Malapit na siyang manganak, at ang tanging paraan upang siya ay makaparito ay sa pamamagitan ng eroplano. Wala siya kahit isang sentimo upang makaparito, at may nagbigay sa kaniya ng pera. At kaya ito’y medyo nangyaring napakahiwaga, kaya’t may bagay na maaaring magaganap; inaasahan natin iyan. Hindi natin alam kung anuman ang ipagkakaloob ng Panginoon para sa atin.

9 Ngayon, tayo ay nagpapasalamat sa Panginoon na tayo ay nabubuhay sa panahong ating kinabubuhayan, bago pa sa pagdating ni Jesus. Gaya ng sinabi ko noon, ito ang pinakadakilang panahon sa buong kasaysayan. Mas gusto kong mabuhay ngayon kaysa alinmang panahon, sa . . . sa lupa.

10 Nakikita ko rito sa harapan natin, muli ngayong gabi, ang mabuti kong kaibigan, si Kapatid na Lalaking Dauch. Nabanggit ko siya sa awditoryum kaninang umaga. Si Kapatid na Dauch ay siyamnapu’t-tatlong taong gulang na ngayon, sadyang napakapalad. Ipinamahagi niya ang kaniyang mahabang buhay sa kaluwalhatian at kapurihan ng Diyos, siyamnapu’t-tatlong gulang na sa araw na ito. “Maligayang Kaarawan” sa iyo, aking kapatid! At alam kong sa labas, doon, sa buong lalawigan kung saan sila’y nakikinig ngayong gabi, binabati rin nila si Kapatid na Dauch ng isang “Maligayang Kaarawan.” Siya’y isang totoong matalik na kaibigan ni Oral

Roberts, marami pa, napakarami niyang natulungan sa paraan ng Ebanghelyo, at lahat na. Siya'y isang dakilang kaibigan natin.

¹¹ Nakatutuwang makita na kapiling si Kapatid na Mann, isa pang mangangaral na Metodista, naligtas at nabautismuhan ng Espiritu Santo, at sa Pangalan ni Jesus Cristo, na nakaupo rito. Siya, rin, ay isa sa mga kasamahan natin mula sa Indiana. At nalalaman kong si Kapatid na Lalaking Hickerson ay nakaupo rito sa tabi niya, isa sa ating mga diyakuno sa Jeffersonville, Indiana (sila'y nakikinig doon ngayong gabi). At nalalaman kong si Kapatid na Lalaking Wheeler, isa pa sa mga diyakuno ay naririto rin sa paligid. At ako-hindi ko pa siya nakikita kung, may mga nagtuturo at makikita ko siya maya maya; nakaupo roon, doon sa gawing kanan, oo.

Kapatid na Banks Wood, kung nakikinig ka ngayong gabi, ang lalake mong kapatid ay narito kagabi. Napansin ko siya nang ako'y palabas, si Kapatid na Lyle. Mga Saksi ni Jehova; ang buong grupo ay napagbalik-loob. Si Lyle ay napagbalik-loob dahil sa isang pangitain ng Panginoon.

¹² Si Lyle ay nakaupo doon sa bangka nang araw na iyon, nang araw na bago iyon sinabi sa kaniya na "may isang bagay" na "mangyayari na patungkol sa pagkabuhay na maguli." Siya ay isang tunay na Saksi ni Jehova, rin! Nguni't nang umagang iyon, nauupo roon, nangingisda, at nakahuli siya. . . . Aba, siya ay mayroong isang napakalaking, malaking lum' ('yung tipong Kentucky, alam n'yo na). . . isang malaking sima at isang maliit, munting isda ay nilunok iyon. At basta na lang niya hinila palabas ang hasang, bituka at lahat na, inihagis doon sa tubig (maliit, munting sunfish), at sinabi niya, "Buweno, maliit na isda, naikampay mo na ang iyong huling kampay." Ang maliit. . . pumipilantik sa tubig, namatay, itinaboy siya ng hangin sa mga lirio sa lawa.

¹³ At isang araw bago iyon, nakaupo, sinabi ko, "Sinasabi sa akin ng Espiritu Santo na 'magkakaroon ng pagkabuhay na maguli ng isang munting nilalang.' Marahil ay mayroong isang-isang kuting, kapag nakauwi na ako, 'pagkat nung. . ."

¹⁴ Noong kami ay naghuhukay ng ilang pain sa isda, si Kapatid na Wood at ako, na nakikinig ngayong gabi, ang munti kong anak na babae na ngayo'y isang dalaga na nakaupo rito, nakipagkasundo nang pakasal sa isang matangkad na sundalong ito. Habang sila. . . Siya ay lumapit, sabi niya, "Daddy. . ." Siya at ang isa pang dalagita, sabi, "Kami. . ." Ngayon, sinuman ay maaaring mag-alaga ng anumang hayop na gusto nila, nguni't totoong ayaw ko ng pusa, kaya't siya. . . o sinumang Branham. Kaya't kami. . . sabi niya, "Oh, may nakita kami ritong isang kawawang pusa, Daddy. Ito'y-ito-ito'y nakakain ng isang bagay at ito'y. . . may naglason dito, ito'y magang-maga."

Sabi, “Daddy, ito’y mamamatay na, maaari ba kaming kumuha ng isang maliit na kahon at alagaan ito ng dalawang araw?”

¹⁵ Sinabi ko, “Tingnan ko nga ang pusa.” Buweno, umalis sila at kinuha ang pusa. Nakita ko na kung ano ang mangyayari, kaya’t binigyan siya ng kahon. At kinaumagahan, may mga pito o walong kuting ang naroroon, alam n’yo na. Kaya’t ang munting kong anak na lalaki, si Joe, dinampot ang isa sa kanila, at pinisil ito at ibinagsak ito sa lupa; at basta—basta . . . ang munting pusa ay nakalatag doon at nangingisay paikot-ikot, napatay ito.

¹⁶ At sinabi ko kay kapatid na Lyle, na kaniyang kapatid, sabi ko, “Alam mo, ito ay maaaring ang munting kuting na iyon ang bubuhayin, katulad ng mga bagay na nakita nating ginawa ng Panginoon.”

¹⁷ Si Kapatid na Lyle, ay bago pa lamang sa landas. Kasasabi pa lamang sa kaniya ng Espiritu Santo na siya’y may asawa na, at kung ano ang kaniyang ginawa, at ang mga kasamaang nagawa niya, ang mga bagay na nagawa niya. Aba, akala niya ay ikinukuwento ni Kapatid na Banks sa akin ang mga bagay na iyon. Nguni’t nang Ito ay talagang ilantad siya, at sinabi sa kaniya kung ano ang kaniyang ginawa noong nakaraang gabi, iyon ay—iyon ay labis na para sa kaniya. Hindi niya ito maunawaan.

¹⁸ Pagkatapos, kinaumagahan . . . Habang kami ay nangingisda buong magdamag, na may maliliit na isda, nanghuhuli kami noon ng ilan para gawing pain. Nguni’t inihagis na lamang niya sa tubig ang maliit na isdang iyon, nangisay, tumiwarik. Makalipas ang kalahating oras kami ay nakaupo roon, at ako ay . . . sabi ko, “Kapatid na Lyle, hinayaan mo ang isda na lunukin ang sima hanggang umabot sa kaniyang tiyan. Kita mo?” Sabi ko, “Kunin mo ang tansi rito, baligtarin mo ito, ilabas ang pain nang paganiyan; sa sandaling dumampi siya rito,” sabi ko “pagkatapos ay hawakan mo lang siya at saka mo kunin.” Sinabi ko, “Siya . . . huwag mo siyang hatakin nang ganiyan, huwag mong ipalulun, mahuhuli mo ang isda.”

¹⁹ Sabi niya, “Aba . . .” Mayroon siyang isang napalaki, malaking tansi na nakabitin, sabi, “Ganito namin ginagawa iyan,” paganiyan.

²⁰ Kaya, nang mga oras ding iyon, narinig ko ang Isang bagay na dumarating mula sa itaas ng bundok, isang ipu-ipo, nagpapaikut-ikot. Heto Iyon ay bumaba nang ganiyan, at ang Espiritu ng Diyos ay pumaroon sa bangka, sabi, “Tumayo ka sa iyong mga paa.” Sabi, “Mangusap ka sa patay na isdang iyan. Sabihin, ‘Ibinabalik ko sa ’yo ang iyong buhay.’”

²¹ At ang isdang iyon ay nakalutang doon ng kalahating oras, na ang kaniyang bituka ay nasa bunganga nito, at ang hasang nito. Sabi ko, “Maliit na isda, ibinabalik sa ’yo ni Jesus Cristo ang iyong buhay. Mabuhay ka, sa Pangalan ni Jesus Cristo.”

Bumaliktd siya, at sumisid siya sa tubig ng kasing bilis na kanyang maaabot.

²² Kapatid na Lyle, naririto ka ba sa paligid? Ako—nakita kita kagabi. Maging siya man ay nasa loob, o nasa labas, o saan man siya naroroon, itaas ang iyong kamay kung magagawa kong makita ka. [May nagsabi sa kongregasyon, “Balkonahe”—Pat.] Anong sabi? Nasa bal- . . . Oh, oo, nandoon sa balkonahe, sa mga bintana roon sa likuran. Iyan ang lalaking iyon, isang Saksi ni Jehova.

²³ Sabi niya, “Kapatid na Branham!” Siya ay talagang tuwang-tuwa, sabi niya, “Uh, ito’y—ito’y mainam na maparito. Hindi ba?” Sabi niya, “Uh-uh, ikaw ba ay—ikaw ba ay. . . Uh, sa palagay mo ba iyon ay nakapatungkol sa akin, na—na—na, na sinabihan ko ang maliit na isdang iyon, sabi, ‘nagawa mo na ang iyong huling kawag?’” Sabi, “Iyan—iyan—iyan ba ay may kinalaman sa akin?”

²⁴ Sabi ko, “Wala, wala, isang pagpapatunay lamang.” Siya ay balisang-balisa dahil doon.

²⁵ Buweno, kami ay naglalakbay at nakikita ninyo ang mga bagay na iyon na nagaganap, na nalalaman. . . Ngayon, isipin lamang, ano ang ipinapakita nito? Ako ay may-maraming maliliit na batang maysakit ng pangingsay sa aking listahan ng mga ipapanalangin, nananalangin para dito, nguni’t nang dumating ang pangitain iyon ay para sa isang maliit na isda na ganito kahaba, mga dalawang pulgada ang haba o tatlo. Para bang ang sima ay kasing laki ng isda. Nguni’t kung anuman iyon, ay upang ipakita sa inyo na ang Diyos ay tumitingin din sa maliliit na bagay. Kita n’yo?

²⁶ Isang araw nang ang mga ketongin ay nakaratay sa buong bansa, ginamit Niya ang Kaniyang kapangyarihan at isinumpa ang isang punong kahoy. Iyon ay nagsimulang matuyo, samantalang nagkalat ang mga tao sa lahat ng dako na nangangailangan ng kapangyarihang iyon sa pagpapagaling. Datapuwa’t, kita n’yo, nais Niyang ipakita na Siya ay Diyos sa lahat ng bagay, maging ito’y maliit, maging ito’y malaki, maging anuman ito. Siya’y Diyos pa rin sa lahat ng bagay, sa lahat ng nilalang. Kaya minamahal natin Siya dahil. . . Iyan—iyan nagbibigay sa atin upang malaman, kung Siya’y interesado na bigkasin ang Salita ng Buhay sa isang di-mahalagang maliit na isdang patay na nakalutang doon, sa tubig ng kalahating oras, Kaniyang tiyak na bibigkasin balang araw ang Buhay sa Kaniyang mga anak. Kahit pa na ang inyong katawan ay hindi hihigit sa isang kutsarang alabok na lamang, Siya’y magsasalita, at tayo’y tutugon sa Kaniya balang araw. Siya’y Diyos na interesado sa lahat ng bagay, sa lahat ng ginagawa natin, sa lahat ng sinasabi natin, sa lahat ng bagay. Siya ay interesado.

Ngayon ating iyuko ang ating mga ulo, sa lahat ng dako.

²⁷ Iniisip ko ngayon, bago tayo manalangin, kung mayroong sinuman ngayong gabi na interesado sa Kaniya, nguni't hindi nyo pa nagawang kayo'y makapagpapareserba para sa kabilang Lupain kung saan ay makikita natin Siya. Alam n'yo, hindi kayo makakapasok nang hindi kayo nakapagpapareserba. At hindi nyo pa ito nagagawa, nguni't nais ninyong maalaala sa panalangin ngayon, upang ang lahat ay maisaayos sa pagitan nyo at ng Diyos ngayong gabi, maaari nyo bang itaas lamang ang inyong kamay; Sasabihin nyo, "Alalahanin Mo ako, Panginoon"? Kayo'y...hayaan lamang Siyang makita ang iyong kamay. Diyos, ipagkaloob ito.

²⁸ Makalangit na Ama, habang kami ay nakatayo ngayong gabi sa pagitan ng mga buhay at ng mga patay; at ang mga bagay na ito na nagaganap sa mga araw na ito, napakahiwaga, tunay sila'y napakahiwaga; nguni't Diyos, batid Mo kung sila ba'y totoo o hindi, Ikaw ang kapita-pitagan na Hukom ng mga langit at lupa. At sinasabi namin ito, Panginoon, upang himukin lamang ang mga tao (ilan sa mga bagay na Iyong ipinamalas sa amin), upang sila ay mahimok na mahalina Ka at sampalatayanan Ka, paglingkuran Ka, at upang malaman na gaano man kaliit ang nagawa, mabuti man o masama, nakikita Mo ito. Dalangin ko, mahal na Diyos, na Iyong pagpalain ang bawat kamay na iyon ngayong gabi, at ang kaluluwa at espiritu na nag-udyok sa kamay na iyon upang itaas. At dalangin ko, Diyos, na ito nawa ang gabi na ang kanilang pagpapareserba ay maisagawa para sa Lupaing iyon sa kabila ng ilog. Ipagkaloob ito.

²⁹ Pagalingin ang mga maysakit at nagdurusa, Panginoon, kapuwa narito, sa buong lupain na kung saan ang—ang—ang brodkast ay dumarating sa pamamagitan ng mga telepono. Pagpalain yaong mga naroroon na hindi pa ligtas, magmula doon sa California hanggang New York, mula sa Canada hanggang Mexico. Ipahintulot, Panginoon, na ang bawa't taong nasa ilalim ng tunog ng aming tinig, ngayong gabi, ay maligtas mula sa kanilang mga kasalanan, mapagaling sa kanilang mga karamdaman, dahil sa Iyong Banal na Presensiya.

³⁰ At itong aming Kapatid na Jackson, na nag-eroplano pa ng libu-libong milya papunta rito, upang makaparito dahil may isang bagay na kakaiba na bumagabag sa kaniyang puso; "At sila'y managinip ng mga panaginip at makakakita ng mga pangitain." Mahal na Diyos, inilhim Mo ito sa akin, kung ano ang kahulugan nito; hindi ko alam. Nguni't kung dadalawin Mo kami, Panginoon, ihanda Mo ang aming mga puso ngayon para sa pagdalaw na iyan. Upang kami ay mapasa ilalim ng paghihintay, hindi alam kung ano ang Iyong gagawin, at hindi alam kung Iyong naipangako na dalawin kami sa pamamagitan ng panaginip na ito; hindi namin alam. Nguni't kami ay—ay nag-uulit lamang sa mga bagay na iyon na aming nauunawaan, na Iyong ipinangakong dadalawin ang Iyong bayan, at dalangin

namin na Iyong gawing makatotohanan ang Iyong sarili sa amin ngayon dito. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

³¹ Ngayon, ngayong gabi, matapos na kayo ay panatilihin nang matagal kagabi at kaninang umaga, at ako ay medyo namamaos. Mayroon akong munting peluka, aking isinusuo sa aking panot na bahagi *rito* kapag ako'y nangangaral. Nguni't nakalimutan ko ito ngayon, at ang hanging ito, na umiihip sa mga bintanang ito, ay nagsimulang bigyan ako ng-ng kaunting pamamalat. Dati-rati ako...kinailangan kong tapusin kaagad ang mga pagtitipon, nguni't mula nang magkaroon ako niyon, sa gayon hindi na ako nagpapagambala dito, tuluy-tuloy lamang ako. At nakalimutan ko iyon, at ito'y...ako'y...medyo nararamdaman ito, kaya't ang inyong mga panalangin ay sadyang ikalulugod. At ngayon, ang mga ito ay dalawang gawain bawa't araw, na sila ay...medyo magiging...Alam n'yo, kapag kayo ay tumakbo na ng mahaba-haba, ito'y...masasabi n'yo ito.

³² Kaya ngayon sa inyong mga tao na sa California, at doon sa Arizona, kaming lahat ay ipinaaabot ang mga pagbati sa buong bansa. Si Kapatid na Leo at ang lupon na naghihintay sa Panginoon doon sa dako ng Prescott, naanyayahan ngayon, at lahat kayong mga tao na nasa buong Phoenix, isang linggo magmula ngayong gabi, kami'y paparoon sa Yuma para sa isang salu-salo. Naibenta na nilang lahat ang kanilang mga tiket doon at nakakuha ng isang mas malaking awditoryum, at hindi nila mapagkasya ang mga tao. Kaya't magpunta ng maaga, kayong lahat, para—para makapasok. At kami ay tutuloy sa Los Angeles mula roon, sa susunod na Lunes...sa susunod na Linggo, Linggo ng gabi. At kaya kami'y umaasa na makikita kayong lahat doon. Ang masaganang pagpapala ng Diyos ay sumainyong lahat.

³³ Sa inyong nasa New York, at kayong mga nasa paligid ng Ohio at sa iba pang mga lugar, di-magtatagal gusto kong ipangaral ang Mensahe ng *Ang Landas ng Serpiyente* (ang hayop doon sa pasimula, at ang hayop sa katapusan), doon sa Tabernakulo. Padadalhan kayo ni Billy ng maikling liham para diyan, kung kailan namin ito ipapangaral, 'pagkat ginagawa ko iyan sa Tabernakulo dahil ito'y magiging, kahit papaano, magiging apat na oras o higit pa.

³⁴ Kaya ngayon...kaya gusto ko kayo rito, dito at saan man kayo naroroon ngayon, na bumuklat sa Aklat ni Job. Tunay na kakaibang Aklat na pagkukunan ng ipapangaral, subali't nais ko lamang na gumamit ng ilang mga tala rito ngayon.

³⁵ At pagkatapos, bukas ng umaga, dito sa tabernakulo, magkakaroon ng mga gawaing Araling Pang-linggo sa... Magsisimula tayo rito ng anong oras? [Isang lalaki ay nagsabing, "Ika-siyam at kalahati"—Pat.] Ika-siyam at kalahati. At pagkatapos ay magkakaroon ako ng pagkakataon na mangusap

rito muli bukas. At kung loobin ng Panginoon, gusto kong mangungusap sa paksa...kung loloobin Niya, ngayon, sa aking pag-aaral kaninang hapon, para ipakita sa inyo na, “Mayroon lamang iisang dako na katatagpuin ng Diyos ang isang mananamba.” Uh-huh, tanging...At-at masasabi ko sa inyo kung ano ang dakong iyan, at kung ano ang Pangalan ng dakong iyan, kung saan kakatagpuin ng Diyos ang mananamba.

³⁶ At pagkatapos, bukas ng gabi, ako’y hihiling ng isang pabor, iyan ay, para sa isang gawaing pagpapagaling. At ako-aking nais ang isang makalumang gawaing pagpapagaling. At kung loloobin ng Panginoon, gusto kong mangusap tungkol sa isang paksa na nagbabala sa akin sa araw na ito...Nang si Kapatid na Lalaking Moore at ako ay nag-uusap, pinakamamahal kong mga kapatid, tinatalakay namin ang mga Kasulatan. At sadyang napakasayang mapasama sa kanila na mga kapatid, tulad ng mga dating panahon. At sinabi niya, “Alam mo, Kapatid na Branham, lahat ng pangangaral na ginawa mo para sa amin dito sa Shreveport, *Ang Cordero at ang Kalapati* ay isa sa pinakabukod-tanging mensahe na iyong inihatid sa amin dito sa Shreveport.” Sabi, “Palagay ko sa iyong Mensahe ay napakahirap sa iyo ngayon, hindi mo na magawa ang isang tulad niyon.”

³⁷ “Kapag nakaligtaan ko Iyan, nakaligtaan ko ang aking Mensahe.” Pagibig ang aking...

Pag-ibig sa aking Corderong mahal, ang Iyong
Dugong banal Kailan ma’y makapangyarihan,
Hanggang sa ang tinubos na iglesya ng Diyos
Maligtas, di na magkasala pa.

Sa pananampalataya tuwina, nakita ko ang
pag-agos
Taglay ng agos sa sugat Mo,
Pag-ibig na tumutubos sa tuwina’y aking
layon,
At maging sa kamatayan ko.

³⁸ Bukas ng gabi, kung ito ay kalooban ng Panginoon, gusto kong mangaral sa isang paksa na: *Sa Mga Bagwis Ng Kalapating Simputi Ng Niyebe*. Bukas ng gabi, “Ang Panginoon ay bumababa sa mga bagwis ng Kalapati,” iyan ay, kung loobin ng Panginoon, ang aking boses ay hindi lumala. Ngayon... kaya’t, ipanalangin kami.

³⁹ At pagkatapos ay gusto ko ng isang makalumang gawaing pananalangin tulad ng mayroon tayo sa pasimula, walang pagkikilala, basta’t bibigyan lamang ng isang kard ang lahat na gustong maipanalangin. Ngayon, kayo ay dapat na mayroong isang kard, kaya pumarito kayo nang maaga para mabigyan kayo ni Billy ng kard at mapanatili ito na nakahanay. Kung hindi ninyo gagawin iyan, ang mga tao ay patuloy na

magpapabalik-balik, at pabalik-balik, at pabalik-balik, at wala nang katapusan ang pila. Kahit sino ay maaaring magkaroon ng kard. Gusto ko na si Kapatid na Jack ay umantabay sa tabi ko sa hanay ng panalangin, tulad nang iyong nakagawian, at si Kapatid na Lalaking Brown para dalhin ang mga tao sa akin sa halip na si Billy Paul. Ako-ako-ako-ako gusto-ako gusto ng isang makalumang hanay ng pananalangin, at mananalangin lamang tayo gaya ng ating nakagawian sa nakalipas ng mga taon.

⁴⁰ Ako'y nagagalak ngayong gabi na makasama natin ang isa pang kasamahang kapatid, tumingin lamang sa paligid at nakilala kaagad at nakita siya, kani-kanina lang, si Kapatid na Gordon Lindsay. Siya'y isa sa mga datihan, nakasama natin sa matagal nang panahon. Ginagampanan ang isang malaking trabaho, naglilimbag, kaniyang inililimbag ang aking aklat ngayon: *Ang-Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*. Umaasa tayong maihahanda na rin muli iyang, *Ang Pitong Tatak*. Kung sakaling basahin niya iyon bago niya ilimbag iyon, kami'y magkakaroon ng isang pang-teolohiyang talakayan. Nararamdaman ko lamang na iyon ay mangyayari. Nguni't batid niya na ako'y hindi teologo. Kaya't . . . Nguni't kami'y umaasa para bukas ng gabi. Kung ika'y naririto, Kapatid na Lindsay, pumarito ka bukas ng gabi. Kung narito ka, dumaan at samahan mo kami sa entablado para sa isang makalumang gawaing pananalangin.

⁴¹ Ilan ba ang nagnanais na makitang muli ang isa sa kanila na mga datihan, kung saan dinadala natin ang mga tao? Iya'y magiging mainam. Ngayon, dalhin ang inyong maysakit at nagdurusa, bukas ng gabi, para sa layuning iyan kung gayon.

⁴² Ngayon, kung nabuklat n'yo na ang Aklat ni Job, sa ika-42 talata . . . o ika-42 kabanata, at ang unang anim na mga talata ng ika-42 kabanata ng Job; totoong kakaiba. Kapatid na Ted Dudley, kung nakikinig ka ngayong gabi, diyan sa Phoenix, naalala mo na ikaw at ako ay nag-uusap minsan, mga isang linggo na o dalawa ang nakararaan, at tayo ay tumukoy dito? Sinabi ko sa iyo, "Balang araw iyan ay magiging isang teksto ko." At nais kong gamitin ito ngayong gabi.

Nang magkagayo'y sumagot . . .

Nang magkagayo'y sumagot si Job sa Panginoon, at nagsabi,

Makinig mabuti nitong pagbasa ngayon.

Nalalaman ko na magagawa mo ang lahat ng mga bagay, at wala kang akala na mapipigil.

Sino itong nagkukubli ng payo na walang kaalaman? Kaya't aking sinambit na hindi ko nauunawa, mga bagay na totoong kagilagilalas sa akin na hindi ko nalalaman.

Dinggin mo, isinasamo ko sa iyo, at ako'y magsasalita; ako'y magtatanong sa iyo, at magpahayag ka sa akin.

Narinig kita sa pakikinig ng pakinig; nguni't ngayo'y nakikita ka ng aking mga mata,

Kaya't ako'y nayayamot sa sarili, at nagsisisi ako sa alabok at mga abo.

⁴³ Ngayon gusto kong kumuha ng isang paksa mula sa ika-5 talata:

Narinig kita sa pakikinig ng pakinig; nguni't ngayo'y nakikita ka ng aking mga mata.

Nawa'y pagpalain ng Panginoon ang Kaniyang Salita.

⁴⁴ Si Job, talakayin nating bahagya ang kaniyang buhay. Si Job ay isang propeta. Siya ay isang taong nabuhay bago pa man isulat ang Biblia. Ito'y ipinagpalagay na ang Job ay isa sa pinakamatandang mga Aklat ng Biblia, dahil Ito ay naisulat bago pa man maisulat ang Genesis. Si Job, itong dakilang mandirigma at propeta, ay isang-isang makapangyarihang lalaki sa kaniyang panahon. Walang alinlangan na siya ay pinalaki at naglingkod sa Panginoon ng buong buhay niya. At namuhay ng isang magiting na buhay sa harap ng mga tao, ang lahat ay may paggalang sa kaniya.

⁴⁵ Datapuwa't siya'y dumating sa isang dako kung saan tinawag niya ito ritong, bilang *tinukso* ng Panginoon. Nguni't gusto kong gamitin ang salita, bilang "sinubok" ng Panginoon. At tunay na, "Bawa't anak na lumalapit sa Diyos ay kailangan munang subukin, nasubok, subok na anak." At pagkatapos kung ang pagsubok ay bumibigat, at ating inaakala na ito'y napakahirap at ayaw makinig (makinig), kung gayon sinabi Niya na tayo ay "naging mga hindi tunay na anak, at hindi anak ng Diyos." Dahil, walang bagay na maaaring makatatinag sa isang tunay, isinilang-muli na anak ng Diyos palayo sa kaniyang Magulang, kita n'yo, siya'y bahagi Niya. Hindi mo ito maitatangi, maitatangi mo ang iyong sarili. Kita n'yo, ika'y nagkaroon ng karanasan, ika'y sinanay at sinubok.

⁴⁶ At ngayon, ang lalaking ito bilang isang propeta, mayroon mayroon siyang daan sa biyaya ng Diyos, datapuwa't si Job ay walang Biblia na mababasa. Siya...ang Biblia ay hindi pa nasulat noon, subali't siya ay may daanan sa Diyos sa pamamagitan ng kapahayagan at sa pangitain. Iyan ay bago pa naisulat ang Biblia.

⁴⁷ Ngayon, nalalaman natin, at talakayin bahagya ang kaniyang buhay, noong siya ay pinagpala ng Diyos at gawin siyang isang dakilang tao. Aba, maging ang lahat ay gumagalang sa kaniya, maging sa kaniyang karunungan, ay naging bantog. Ang kaniyang inspirasyon na mula sa Diyos ang nagpatunay sa kaniya bilang lingkod ng Diyos, nang napakalinaw, hanggang

sa ang mga tao ay dumadayo mula sa lahat ng dako upang pakinggan siya. At pagkatapos si Satanas ay nagsimulang paratangan ang lalaking iyan. At ganiyan ang ginagawa niya sa baw't kinasihang lingkod ng Diyos, si Satanas ay laging naroon upang paratangan siya sa lahat ng nagagawa niya na hindi tama.

⁴⁸ At, ngayon, nalalaman natin ang kaniyang buhay at mga pagsubok, at ang kaniyang dakilang pananampalataya. Maging si Jesus, nang Siya ay pumarito sa lupa, ay tinukoy Niya ang tungkol sa pagtitiis ni Job. Sinabi Niya, "Hindi ba ninyo nabasa ang pagtitiis ni Job?" Ang pananampalataya ay naghihintay na may pagtitiis para sa ipinangakong Salita upang matupad.

⁴⁹ Ngayon, mapapansin natin dito na si Job, matapos na siya ay dumaan sa kaniyang mga pagsubok, lahat ng kaniyang mga paghihirap. . . Mayroon siyang magandang pamilya, sila'y kinuha sa kaniya. Mayroon siyang magandang kalusugan, iyon ay kinuha sa kaniya. Lahat ng pag-aari niya sa buhay na ito ay kinuha. At naupo siya sa isang buntong ng abo, na may isang basag na palayok, na pinangkakayod sa kaniyang mga bukol. At maging ang sarili niyang asawa, ay nangusap laban sa kaniya, sinabi niya, "Bakit hindi mo itakuwil ang Diyos, at mamatay?"

⁵⁰ Sinabi niya, "Ikaw ay nagsasalitang tulad ng isang hangal na babae." Sinabi niya, "Ang Panginoon ang nagbigay, at ang Panginoon ang nag-alis, purihin ang Pangalan ng Panginoon!"

⁵¹ Ngayon, si Satanas ay pumaroon sa harapan ng Diyos, 'pagkat maaari siyang pumaroon sa harapan ng Diyos, at paratangan ang mga Kristiyano (o, ang mga mananampalataya) sa lahat ng panahon. Kaya't pinaratangan niya si Job ng maraming bagay, at sinabi na, "Si Job, ang dahilan na nagagawa niyang maglingkod sa Diyos, dahil ang lahat ng bagay ay nagiging maayos sa kaniya." Nguni't sinabi, "Kung ipapaubaya Mo lamang siya sa akin, sa aking mga kamay, ay gagawin kong itakuwil Ka niya ng mukhaan."

⁵² Nais kong pansinin ninyo iyan ang tiwala ng Diyos sa isang mananampalataya. Kita n'yo? Siya'y. . . Sa ibang pananalita, sinabi ng Diyos kay Job. . . o sinabi kay Satanas, tulad nito, "Hindi mo magagawa iyon! Siya'y isang taong matuwid inaring-ganap. Siya'y isang mabuting tao. Siya. . . walang isa mang tulad niya sa ibabaw ng lupa." Oh anong dakilang tao; na ang Diyos Mismo ay magsasabi sa Kaniyang kaaway, "Ang Aking lingkod ay napakasakdal, wala nang iba pang tao sa lupa na katulad niya." Oh! Kung magagawa lamang natin na maging gayung uri ng tao! Na magagawa ng Diyos na ibuhos ang tiwalang iyon sa atin! Na nalalaman na hindi tayo sasalungat sa Kaniyang Salita o sa Kaniyang Katauhan, sa anumang paraan! Manatiling ganap, at mailalagak Niya ang Kaniyang pagtitiwala sa atin.

53 Ngayon, si Job ay isang tao na sumunod sa mga utos ng Diyos ng walang kulang, ng ganap. At alam ni Satanas iyon, nguni't sinabi niya, "Kung ipaubaya Mo lang siya sa akin, ay gagawin kong itakuwil Ka niya Mismo ng mukhaan."

54 Kaya't sinabi sa kaniya ng Diyos, sinabi Niya, "Ngayon, siya'y nasa iyong mga kamay, subali't huwag mong kunin ang kaniyang buhay." At si Satanas ay ginawa ang lahat ng kaniyang magagawa dahil diyan. Kinuha niya ang bawa't kaibigan, at lahat ng bagay na taglay niya, halos ang kaniyang buong buhay, nguni't hindi niya maaaring kunin ang kaniyang buhay. Nguni't si Job ay patuloy pa ring nanghawakan, wala nang urungan.

55 Nakita n'yo, kapag ang isang lalaki o isang tao ay minsang tunay na nagkaroon ng ugnayan sa Diyos, taglay yaong tunay, naipahayag na pananampalataya na "Diyos nga!" Walang anumang bagay, walang panahon, walang dako, ang maaaring makapaghihiwalay sa taong iyan sa kaniyang Diyos. Naniniwala akong si Pablo ang nagsabing, "Walang alitan, walang kagutuman, walang panganib, ni anumang nilalang na buhay, o kamatayan man, o anumang bagay ang makapaghihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos na nakay Cristo Jesus." Kayo ay ligtas na nakaangkla sa Kaniya dahil kayo ay nakatalaga sa Buhay na iyon.

56 Subali't inakala ni Satanas na magagawa niyang ilihis siya ng bahagya, at gapusin siya, at udyukan siyang gawin iyon. Nguni't, nakita n'yo, si Job taglay ang kaniyang sakdal na kapahayagan ng Diyos, at kung sino ang Diyos, at kung gaano siya kamahal ng Diyos, siya'y naghintay! Maging anupaman ang mga pangyayari, siya ay naghintay na mapatunayan ang kaniyang pananampalataya, dahil siya ay mahigpit na nangahahawakan sa Diyos, isang kapahayagan. Na aking ipinangusap kagabi.

57 Ngayon, kapag ang mga taong maysakit na nasa loob ng gusali, ang mga taong lumpo, o kayo na may pangangailangan sa Diyos, kapag inyong magawang makamtan ang gayong uri ng kapahayagan na kayo ay "inaring-ganap," kapag kayo ay totoong inaring-ganap sa paghiling sa bagay na inyong hinihiling, at sumasampalataya na "Siya ang tagapagbigay ganti sa kanila na nagsisipaghanap sa Kaniya," walang bagay na makapaghihiwalay sa inyo kailanman sa pananampalatayang iyan na nakaangkla sa inyo. Kita n'yo? Nguni't, una, ito ay dapat na maipahayag sa inyo.

58 Mayroong naparito hindi pa katagalan, isang grupo ng kalalakihan, ilan sa kanila ay nakikinig ngayong gabi, at sinabi sa akin, sabi... Palagi kong sinasabi sa kanila, "Pumunta sa Kentucky, ang langis ay naroon." Alam ko na naroon, nakita ko iyon sa isang pangitain.

⁵⁹ Buweno, si Kapatid na Lalaking Demos at sila ay hindi pumaroon sa loob ng mahabang panahon. Hindi nagtagal, sa wakas, sabi nila . . . Makaraang pumasok na ang Texas. At sinabi nila, “Ngayon kami’y paroroon .”

⁶⁰ Sinabi ko, “Kayo ay dapat na nagpunta noon pa.” Nguni’t hindi nila ginawa iyon.

⁶¹ Sinabi ni Demos, “Isang malaking pagkakamali ang nagawa ko diyan, sa hindi paggawa niyon, Kapatid na Branham.”

⁶² Sinabi ko, “Kung nagpunta sana kayo doon, napasainyo sana ang lahat ng iyon.”

⁶³ Buweno, ayaw nilang pakinggan iyon. At ang unang . . . sa gayon bago kami umalis nang gabing iyon . . . Ang-ang lugar na kung saan kami ay nananghalian. Ang Espiritu Santo ay ipinakita sa akin ang isang malaking bitak sa lupa, at sa loob niyon ay punung-puno ng langis, at itong mga pag-apaw sa Kentucky ay mga mumunting deposito lamang ng langis na kanilang nabobomba, nguni’t ang isang ito ay galing sa pangunahing daluyan. At sinabi ko, “Kapatid na Demos, iyon ay naroon.”

⁶⁴ Kaya’t sila ay pumaroon upang hanapin iyon. Sabi, “Pumaroon tayo at sabihin mo sa amin kung saan ang-saan naroon ang balon ng langis.”

⁶⁵ Sinabi ko, “Oh, hindi! Hindi! Hindi!”

⁶⁶ Kita n’yo, hindi natin ginagamit ang kaloob ng Diyos para ipangkalakal. Hindi! Hindi! Maaari Niyang sabihin sa akin kung saan iyon naroon, nguni’t wala akong anumang pangangailangan doon. Ni hindi ako magkaroon ng sapat na pananampalataya para hilingin sa Kaniya. Kita n’yo? Kung mayroon akong pangangailangan doon, ako’y naniniwala na kung hihilingin ko sa Kaniya, ay sasabihin Niya sa akin. Nguni’t una, nakita n’yo, ang inyong mga hangarin at mga layunin ay dapat tama. Dapat kayong magkaroon ng mga dahilan para rito. Hindi ibinibigay ng Diyos ang mga bagay na iyon sa inyo nang dahil lamang sa hiniling ninyo. At hindi ninyo magagawang humiling sa pananampalataya maliban na mayroong isang tunay na layunin para doon, na mapasa-kalooban ng Diyos. Kita n’yo, kung nais mong gumaling, ano ang dahilan ng pagnanais mong pagalingin? Kita n’yo, kung gusto mong gumaling, ano ang dahilan at gusto mong gumaling? Ano ang sinasabi mo sa Diyos? Ano ang gusto mong gawin sa inyong buhay kapagka ikaw ay gumaling? Kita n’yo, mayroong dapat na . . . ikaw ay dapat na mayroong hangarin at layunin, at sila ay dapat na maging ayon sa kalooban ng Diyos. At sa gayun ay doon naipahayag ang pananampalataya sa iyo, at ang Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang pinakamakapangyarihang biyaya ay inilalagay ang pananampalatayang iyan doon, sa gayun ito’y tapos na. Kita n’yo? Ngayon nakita ninyo?

⁶⁷ Ngayon, upang patunayan ang Salitang iyan na totoo, nang ang mga kapatid ay dumating doon, nakakuha sila... isang lalake ay pumaroon at bumili ng maraming gamit, at nagbenta ng mga kasunduan, at dinaya ang iba sa paraang ito. Sabi ko, “Nakita n’yo, hindi iyon uubra.” Ngayon para lamang patotohanan ang *propesiya*, sa loob ng mga isang daang yarda kung saan ang mga kalalakihang ito ay hinuhukay ang kanilang balon, isang lalake ay nahukay ang malaking daloy. At ito’y naroon, labing-isang daang bariles ng langis sa loob ng kalahating araw, o higit pa o iba tulad niyan; naglalabas pa rin ito, doon mismo sa pangunahing daluyan. Nguni’t para tuparin ang propesiya, ang Salita na naipangusap na iyon ay naroon, naroon nga iyon. Ang iba sa kanila ay halos natuyuan na lahat, sa buong dako ng Kentucky. Maliliit na mga lawa, binubomba nila ang mga iyon sandali, nauubos ang mga iyon. Ito’y apaw lamang mula sa isang *ito*. Kita n’yo?

⁶⁸ Subali’t, dahil sa ang pagkamakasariili ay dumating sa kanila, ang mga layunin ay mali, lumagda ng maraming bagay “ito’y sa *ganitong* paraan,” nang sila ay nangakong gagawin nila iyon para sa Kaharian ng Diyos, nguni’t para bang iyon ay para sa kanilang mga sarili. Kita n’yo?

⁶⁹ At iyon ay hindi uubra, walang makasariling bagay ang uubra. Ang iyong mga hangarin at mga layunin ay dapat na maging ganap, wastung-wasto, kung gayon magkakaroon ka ng pananampalataya, para humiling. “Kung hindi tayo hinahatulan ng ating mga puso, kung gayon ay mayroon tayong pagkakatiwala.” Kita n’yo? Kita n’yo, dapat tayong magkaroon ng pagtitiwala. “Gusto ko ito para sa karangalan at kaluwalhatian ng Diyos.” Kung gayon ang pananampalataya ay mayroon isang—isang daluyan upang pumasok; kung ito’y hindi gayun, kung gayon mayroon kayong pangkaisipan, intelektuwal na pananampalataya, at hindi tunay na pananampalatayang mula sa Diyos. Ang intelektuwal na pananampalatayang iyan ay walang mapagdadalhan sa inyo. Maaaring gawin kayong emosyonal, nguni’t ito ay hindi maibibigay ang kagalingang hinahanap mo.

⁷⁰ Kaya, si Job, siniyasat ang kaniyang sarili sa tunay na pananampalataya na ipinagkaloob sa kaniya ng Diyos na siya ay “matuwid,” na nagawa niya ang lahat ng bagay na ipinag-utos ng Diyos sa kaniya na gawin. Ngayon kapag tayo’y ipananalangin, para sa ating karamdaman, aywan ko kung nagawa na natin ang lahat ng mga bagay na ipinag-utos ng Diyos sa atin na gawin. Nasunod ba natin ang bawa’t maliliit na bahagi ng Kasulatan? Naipagkaloob na ba natin sa Kaniya ang ating mga puso at mga buhay para sa paglilingkod? Ano ang dahilan na gusto mong gumaling? Iyan ang dahilan na hindi ka nagkaroon ng sapat na pananampalataya, kita n’yo, dahil hindi mo marahil nagawa ang bagay na ito sa Diyos

na may katapatan mula sa iyong puso. Katulad ng ginawa ni Ezechias, ibigay sa Diyos ang dahilan, nais niya na ilagay ang kaniyang-kaniyang kaharian sa kaayusan. At isinugo ng Diyos ang Kaniyang propeta pabalik at sinabi sa kaniya, at siya'y gagaling. Kita n'yo? Datapuwa't, dapat na magawa ninyong maisaayos ang mga bagay na iyon, muna.

⁷¹ Kaya sa gayon sa sandaling humantong kayo sa mga dakong ito at nalalaman na ito'y ipinahayag sa inyo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, sa pamamagitan ng kapahayagan, sa pamamagitan ng Salita na ipinag-utos ng Diyos sa inyo para gawin, sa gayon mayroon kayong pananampalataya, totoong pananampalataya.

⁷² Ngayon, katulad lamang ni Abraham noong siya ay siyamnapu at siyam na taong gulang. Palagay ko, sa Genesis 17. Ang Diyos ay nagpakita sa matandang lalaking ito, ngayon, siyamnapu at siyam na taong gulang, nang siya ay halos isang daan taong gulang na, na naghihintay sa pangakong iyan sa lahat ng mga taong ito. Siya ay nagpakita sa kaniya sa pangalang *El Shaddai*, ang "Isang-Madibdib." At tunay nga na isang kalakasan iyon, gayun ma'y ang pangako ay hindi pa natupad noon. Datapuwa't, "Abraham, Ako ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, *El Shaddai*, 'ang Tagapagbigay-kalakasan, ang Diyos na Madibdib.'"

⁷³ Katulad ng sinabi ko sa inyo noon, tulad ng sanggol na nababalisa, at maysakit, at umiyyak, at ito ay hihilig sa dibdib ng kaniyang ina. At sinususo nito pabalik ang lakas mula sa kaniya, dahil ito'y nabigyang-kasiyahan habang ito'y sumususo, dahil ang tanging paraan mayroon ito at nalalaman ay ang dibdib ng ina. Wala itong nalalamang dosis ng gamot. Maaaring bigyan mo siya ng dosis ng gamot, siya'y magpapalahaw at iiyak. Susuyuin siya, at siya'y magpapalahaw pa rin. Datapuwa't ang tanging paraan para tumahan siya ay ang dibdib ng ina.

⁷⁴ At Kaniyang sinabi, "Abraham, ika'y matanda na, ang lakas mo ay wala na, ang mga braso mo ay nanghina na, ang iyong pagkalalake ay wala na, subali't Ako ang iyong Ina. Panghawakan lamang ang Aking pangako, at masiyahan habang ika'y naghihintay. Magpahinga!"

⁷⁵ Ngayon, ganiyan ang bawa't mananampalataya, gaano man kalala ang kanser na kumapit sa inyo, gaano man kayo katagal na nakaupo sa isang silyang de gulong, alinman sa mga bagay na iyon, kung inyo lamang makukuha ang kapahayagang iyan na mula sa Diyos! Kung gayon ay masiyahan, na nalalaman na ito'y mangyayari, dahil ang pananampalataya ay matiyagang naghihintay sa pangako. Kita n'yo?

⁷⁶ Batid ni Job na siya ay tama. Nang ating malaman, dito sa mga Kasulatan, na mayroong. . . ang mga lalaking ito dumating sa kaniya; kaniyang kasapi sa simbahan. Lahat ng bagay na

minsan ay tila magiliw sa kaniya ay naging laban sa kaniya, at sinikap na paratangan siya bilang isang lihim na makasalanan, dahil ang lahat ng mga bagay na ito ay nangyari sa kaniya. Maririnig ninyo ang mga tao, parin ngayon, nagsasabi, “Sabi ko na sa inyo. Tingnan n’yo siya! Nakita n’yo ba kung ano . . . ?” Iyan ay hindi ang buong katotohanan. Kung minsan ito’y ang Diyos na sinusubok ang Kaniyang bayan. Sa kasong ito, iyon ay ang Diyos sinusubok si Job, ang pinakamabuting tao na naroon sa lupa sa panahong iyon. Ngayon, Kaniya siyang tinatanganan noon, dahil sa nalalaman Niyang si Job ay isang propeta na nagkaroon ng pangitain buhat sa Diyos, na kaniyang naganap nang husto kung ano ang sinabi ng Diyos sa kaniya na gawin at siya . . . ang Diyos ay nakatalagang tuparin ang Kaniyang pangako sa kaniya.

⁷⁷ Oh! Ang lahat na mga Kristiyano ay dapat na maging ganiyan. Kapag ang huling pakikipagbaka ng ating buhay ay dumating, at ang mga kalantog ng kamatayan ay nasa ating lalamunan, tayo ay dapat paring manghawakan ng matibay at alalahanin na sinabi ng Diyos, “Ibabangon Kitang muli sa huling araw.” Kita n’yo? Dapat na panghawakan iyan-iyon, ang ating patotoo, ang ating bahagi kay Cristo, ang ating katungkulan, kung ano tayo, na nalalaman na ating natupad ang bawa’t Salita ng Kaniyang utos. “Mapalad silang gumaganap ng Kaniyang mga utos upang sila ay magkaroon ng karapatang pumasok.” Kita n’yo? At kapag alam natin, na kahit anupa ang sabihin ninuman, naganap natin ang bawa’t utos na nakikita natin sa Biblia, na ginawa ng Diyos sa atin . . . sinabi sa atin na gawin, na may paggalang, at pagibig, at paggalang doon sa Manglilikha na Siyang sumulat ng Biblia.

⁷⁸ Sasabihin natin, “Tao ang sumulat Nito.”

⁷⁹ “Ang tao noong una, inudyokan ng Espiritu Santo, isinulat Ito.” Kita n’yo? Kita n’yo, isinulat Ito ng Diyos sa pamamagitan ng tao. Tulad ng isang propeta na ipinangungusap ang Kaniyang Salita, ito’y hindi salita ng propeta, ito’y Salita ng Diyos, kita n’yo, sa pamamagitan ng propeta. Iyan ang dahilan na Ito ay dapat na mangyari, kung ito’y totoong Katotohanan.

⁸⁰ Ngayon, nakikita natin ang dakilang lalaking ito. At, tandaan, si Job ay walang Bibliang mababasa sa kaniyang panahon. Wala! Siya ay lumalakad lamang sa pamamagitan ng inspirasyon. Siya ay isang propeta na siyang dinaratnan ng Salita ng Panginoon. Siya ay kailangan—kailangan lamang na maging inspirado, dahil nalalaman niya ang kaniyang katungkulan na siya ay propeta ng Diyos. Ngayon, ang tanging bagay na dapat lamang na mangyari, ay ang inspirasyon na dumating sa kaniya. At sa gayon nalalaman niyang ang kaniyang sinabi ay mangyayari, dahil iyon ay sa pamamagitan ng inspirasyon.

⁸¹ Ganiyan kung ano ang iglesia, kung ito'y nasa kaayusan (nailagay sa kaayusan), ito lamang...inihanda nito ang mechanics, kinakailangan lamang nito kung gayun ang dynamics. Ngayong gabi, kung maihahanda natin ang mechanics, maiwasto ang ating mga puso, ang mga bagay na makakaya nating gawin, sumunod sa bawa't Salita, sumunod sa Kaniya sa bautismo, sundin Siya sa bawa't utos na sinabi Niya sa atin na gawin, ihanda ang bawa't mechanics, at manindigan doon; kung gayon tayo'y handa na para sa dynamics upang mapasiklab, at Diyos lamang ang makagagawa niyan; at iyan ay upang ilagay sa inyong puso ang pananampalatayang iyan na nagsasabing, "Magaling na ako ngayon." Kung gayon hindi na mahalaga kung anuman ang mga kalagayan, basta't magaling ka na; 'pagkat ito'y pananampalataya, sa pamamagitan ng pananampalataya ika'y gumaling.

⁸² Mayroon siyang isang daluyan ng pakikipag-usap sa Diyos, na nakamtan niya sa pamamagitan ng inspirasyon. Mayroon siyang paraan ng pag-aalis sa kaniyang sarili, at hayaang pumasok ang Diyos. At batid niyang siya'y inaring-ganap. Ito ay isang kaloob, ito ay isang kaloob para sa mga tao; hindi para kay Job, kundi para sa mga tao. Ganiyan ang lahat ng Banal na mga kaloob, upang paglingkuran ang bayan ng Diyos. Ang lahat ay hindi inatasan na maging isang propeta. Lahat kayo ay hindi . . . ay hindi inatayang mananalangin para sa maysakit. Lahat sila ay hindi inatayang maging mga pastor, at iba pa. Nguni't ito'y isang daluyan na binuksan ng Diyos sa kanila. At kagaya ng nalaman natin kaninang umaga sa pag-aaral, na siya . . . Ang isang tao ay walang karapatan na sumalungat sa daluyan ng ibang tao, kahit gaano man kainspirado, gaano man ito na maging tila gayon, gaaano kahusay . . . Ilan ba ang naroon sa pagtitipon kaninang umaga? Tingnan nga natin ang inyong kamay. Kita n'yo? Kita n'yo, hindi nyo magagawa.

⁸³ Hayun si David, talagang siya ay inspiradong husto, lahat ng mga tao ay nagsisigawan at niluluwalhati ang Diyos, para sa isang kadahilanang tila akma-akma sa Kasulatan, subali't hindi siya ang tamang tao. Ang inspirasyong iyon ay dapat na dumating kay Nathan, hindi kay David. Kita n'yo, ni hindi man lang siya sumanguni kay Nathan. Nakita n'yo kung ano ang nangyari? Kita n'yo, mayroon tayong . . . Sinabi ng Diyos na Siya ay "walang gagawin hanggang sa ihayag Niya Ito sa Kaniyang mga lingkod na mga propeta."

⁸⁴ At si Job ay siyang propetang ito sa kaniyang panahon. Ngayon, ang tanging bagay na ginawa ng Diyos kay Job: Kung ano laging nagbibigay sa kaniya ng karunungan at Kaniyang Salita at inspirasyon, ay wala siyang makukuhang inspirasyon. Datapuwa't nalalaman niya na ang lahat ng kaniyang mechanics (nag-alay siya ng haing-susunugin, nagawa na niya ang lahat na nalalaman niyang gawin ay tama), subali't wala siyang

natanggap na isang salita mula sa Diyos. Nguni't hindi magawa ng Diablo na siya'y makilos! Hayan na kayo.

⁸⁵ Ngayon, hayun kayo kapag kayo'y napanalanginan na. Hindi mo na kailangan pang bumalik sa pila, o hayaan na ang iba pa ay ipanalangin ka. Nang iyong nalalaman na iyong nagawa nang tamang-tama ang sinabi ng Diyos na gawin mo, kita n'yo, kung gayon ay hintayin ang daluyan ng inspirasyon na iyan na mabuksan sa iyo, at, "Ngayon ako'y magaling na!" Kapag ito ay nailagay doon, kung gayon ito'y tapos na. Oh, hindi mo na kailangan pa ang mga hanay ng pananalangin, wala na, ito'y tapos na! Ito'y naipahayag na sa iyo! Kita n'yo?

⁸⁶ Katulad lamang ng matandang propeta sa pagparito ng Panginoong Jesus, nasumpungan natin na iyon ay naipahayag sa kaniya, ang matandang pantas, na "hindi niya makikita ang kamatayan hanggang sa makita niya ang Cristo ng Panginoon." At kaniyang sinampalatayanan Iyan, at kaniyang hinintay Iyon. At inakala ng mga tao na siya ay baliw, ang matandang lalake ay nawala sa kaniyang katinuan. Nguni't sinampalatayanan niya pa rin Iyon! Walang makatitinag sa kaniya mula Rito, nalalaman niya na Iyon ay ipinahayag ng Diyos sa kaniya, sapagkat sinabi ng Biblia, "Iyon ay ipinahayag sa kaniya ng Espiritu Santo."

⁸⁷ Si Simeon ay pumapasok sa Templo sa mga sandaling iyon, lumapit at nagbigay papuri sa Diyos, at sinabi, "Papanawin Mo ang Iyong lingkod na payapa." Nang kalungin niya ang sanggol, "Nakita ng aking mga mata ang Iyong pagliligtas." Kita n'yo, nalalaman niya na kaniyang makikita Iyon. Kahit gaano pa karaming sanggol ang kaniyang dalawin sa bawa't araw, nalalaman niya na ipinahayag sa kaniya ng Diyos na kaniyang makikita ang Cristo bago siya mamatay. Sinampalatayanan iyon ni Simeon.

⁸⁸ Ngayon kapag ito'y naipahayag sa *iyong*, na ikaw mismo ay tinanggap ang pangako ng Diyos; ang inspirasyon, kayo bilang mga Kristiyano, iyon ay dumating sa inyo, ni hindi na ninyo kailangan ang hanay ng pananalangin. Ang bagay... ang tanging bagay na inyong kailanganin ay isang bukas na puso kapag ang lahat ng mga mechanics ay handa na, at hayaang pumasok ang inspirasyon, at kung gayon wala nang makapagpapabago sa inyong pagiisip; nasa iyo na ito. Maliban diyan, wala na itong ibubuti.

⁸⁹ Ngayon pansinin, kinailangan ni Job ang isang daluyan ng inspirasyon, binuksan niya iyon. Mayroon siyang isang daluyan upang makausap ang Diyos, sa Kaniyang inspirasyon. Mayroon siyang pamamaraan ng pag-alis sa kaniyang sarili at hayaan ang Salita ng Diyos na makapasok. Pansinin kung paano silakung paano sila lumapit upang kumunsulta sa kaniya mula sa Silangan at mula sa Kanluran, hinahanap siya ng mga tao dahil batid nila na anuman ang sabihin ni Job ay Katotohanan.

Nalalaman nila na ang lalaking iyan ay nagsabi ng Katotohanan. Dahil, kung ano ang kaniyang pinropesiya, iyon ang nagaganap! At kaya ang mga tao ay dumarating mula sa Silangan at sa Kanluran.

⁹⁰ Sinabi niya na siya'y pupunta sa mga pamilihan, ang mga kabataang prinsipeng buhat sa silangan ay magpupugay sa kaniya, para makarinig lamang ng isang salita ng kaaliwan mula sa kaniya, ang kaniyang dakila at makapangyarihang karunungan, 'pagkat alam nilang ang lalaki ay tapat. Hindi niya gusto na ipagyabang ang kaniyang sarili, wala siyang mga makasariling hangarin, hindi gumagamit ng kapangyarihan para mang-impluwensiya, siya lamang ay isang tapat na propeta sa harapan ng Diyos. At mayroon silang tiwala sa kaniya, at ang lahat ay dumarating buhat sa Silangan at sa Kanluran upang makipagusap lamang sa kaniya ng sandali. Siya'y nabanggit, dito sa Biblia. Datapuwa't, nakita n'yo, kapos siya ng inspirasyon upang sabihin sa kaniya kung ano ang lahat ng mga ito. Ipinahintulot iyon ng Diyos na mangyari, hindi sinabi sa kaniya.

⁹¹ Pagkatapos, isang araw, nalaman natin na doon, iyan ang panahon na . . . Ang lahat, hangga't magagawa mong tulongan sila, "Mabuti." Nguni't kapag gusto nilang sumalungat sa iyo, diyan ay kailan dumarating ang kaguluhan. Nguni't siya lamang mag-isa ang nakakaalam na siya ay tama; ang kaniyang pintig ng pananampalataya, na naririnig ang Salita ng Diyos na nangungusap sa kaniya, nalalaman niyang Iyon ang Katotohanan. Opo, ginoo! Kilala niya ang Tinig ng Diyos. Walang sinumang makakalinlang sa kaniya tungkol Dito, sapagka't kilala niya Ito. Ito . . . Nguni't kapag iyong . . . may bagay na naipahayag sa 'yo, maaaring salungat sa iniisip ng mga tao . . . Ngayon, ako'y nangungusap sa hanay ng mga propeta. Kapag ito'y ang Diyos na ang nagpapahayag ng isang bagay, na, kung mayroon mang lihim na magmumula sa Diyos na ipapaalam sa mga tao, hindi ito kailanman darating sa pamamagitan ng isang seminaryo, hindi ito kailanman darating sa pamamagitan ng lupon ng mga tao, hindi ito kailanman nangyari. Ito palagi ay dumarating, dumating, at darating, sa pamamagitan ng isang indibiduwal, isang propeta! Amos 3:7, kita n'yo, "Ang Panginoon ay walang gagawin malibang ihayag Niya muna Ito sa pamamagitan ng Kaniyang mga propeta."

⁹² At, ngayon, si Job ay may bagay na mali sa kaniya, nguni't hindi niya maiparating ang inspirasyon sa kaniya, at iyon ay bumabalisa sa kaniya, at iyan . . . kapag kayo ay nasadlak sa ganoong kalagayan, diyan kailan pumapasok ang kaaway sa bawa't kaibigan, halos bawa't, na mayroon ka. At sila ay nagsimulang paratangan siya. Oh, iyon ay isang napakasaklap na bagay para sa kaniya ang malaman na ang kanyang mga kaibigan ang nagparatang sa kaniya, si Satanas kung gayon

ay paroroon at isama ang kaniyang sarili sa kaaway. Diyan ay kung kailan na papasok si Satanas, “Ipaubaya mo siya sa akin, at uudyukan ko siyang itakuwil Ka sa Iyong. . . Uudyukan ko siyang ipagkaila ang kaniyang Mensahe. Uudyukan ko siyang itakuwil Ka. Uudyukan ko siyang tumalikod at sabihing ‘Mali ang lahat ng Iyon.’” Pagkatapos ay sinubuk niya siya sa lahat ng kaniyang magagawa, sa lahat ng mga dakilang tao at dati niyang mga kaibigan. Subali’t si Job ay nanindigan ng buong tagatag, sapagka’t alam niyang narinig niya ang Tinig ng Diyos!

⁹³ Oh Diyos, tumulong, bukas ng gabi, na aking maunawaan ang *Mga Bagwis Ng Kalapati* na iyan. Kita n’yo, narinig ko ang Tinig ng Diyos na nagsabi ng isang bagay, at ito’y magaganap sa ganoong paraan! Gaya lamang nitong iba pang mga bagay na naganap, ito’y magaganap!

⁹⁴ Ngayon, nalalaman ni Job na iyon ay magaganap. At alam niya na ang Diyos ang nagsabi sa kaniya niyon, na siya ay “matuwid.” Nguni’t ginawa nila siyang isang makasalanan, kaya siya ay naghintay kung gayon sa inspirasyon. Si Satanas ay pumapasok sa lahat ng—ng mga tao at siya ay lumalapit sa. . . kaniyang mga mang-aaliw, na natingin, at pinaparatangan siya, subali’t hindi siya nito natinag kahit bahagya. Datapuwa’t nang ang Salita ng Diyos ay napagtibay sa kaniya. . . Narinig niya ang Diyos sa pamamagitan ng pakikinig ng pakinig, subali’t isang araw nasadlak roon sa kaniyang pinakamababang kalagayan. . . At habang siya ay nakaupo roon, at ang lahat ay pinaparatangan siya, maging ang kaniyang maybahay ay nagsasabi sa kaniyang siya ay “mali,” kinakayod niya ang kaniyang mga bukol. At si Elihu ay dumating at sinaway siya sa paging makasarili, tungkol sa paraan na kaniyang pagpaparatang sa Diyos at iba pa.

⁹⁵ At pagkatapos sa pagkakataong iyon ay noon dumating ang inspirasyon sa kaniya, noon nagsimulang kumislap ang mga kidlat, ang mga kulog ay nagsimulang dumagundong, noon dumating ang inspirasyon sa propeta, at nagtindig siya, at sinabi niya, “Talastas ko na ang aking Manunubos ay buhay! At sa huling mga araw Siya’y tatayo sa ibabaw ng lupang ito. Kahit na ang mga uod-sa-balat ay sirain ang katawang ito, gayon ma’y sa aking laman ay makikita ko ang Diyos, na Siya ay aking makikita ng sarili.”

⁹⁶ Nakita niya. . . Siya ay nangungusap tungkol sa mga puno, ang buhay-halaman, kung papaanong ito ay mamamatay at mabubuhay muli; pinasisibol ito muli ng tubig, ang langhap ng tubig, ang amoy ng tubig, ang idudulot ng tubig na idinidilig sa isang puno o iba pang bagay, ang isang binhi na naibaon sa lupa. Sinabi niya, “Nguni’t ang isang tao ay nabubuwal at nalalagutan ng hininga, ang kaniyang mga anak ay darating upang magbigay-parangal at hindi niya ito nalalaman. Oh na Iyong ikubli ako sa libingan” (Job 14) “hanggang sa ang Iyong

poot ay nakaraan.” Sinabi niya, “Nguni’t kung ang isang tao ay mamamatay, mabubuhay pa kaya siya? Lahat ng mga itinakdang panahon ng aking buhay, ako’y maghihintay hanggang sa dumating ang aking pagbabago. Ikaw ay tatawag sa akin, at ako’y tutugon. Ikaw ay nagtakda sa akin ng mga hangganan na hindi ko malalamasan,” at iba pa. Nalalaman niya ang lahat ng mga bagay na ito. Pinagmasdan niya ang puno na mabuhay, nguni’t anong nangyayari sa isang tao kapag siya’y namatay? Siya’y hindi na nagbangon pang muli. Kaya, ipinakikita ng Diyos sa kaniya ang Manunubos na ito.

⁹⁷ Gusto niyang makita kung mayroong isa na maaaring makapamagitan para sa kaniya. Siya ay namagitan para sa napakaraming mga tao, datapuwa’t ngayon mayroon bang isa na maaaring mangusap para sa kaniya? Mayroon bang isa na maiaabot ang kaniyang kamay kay Job, o sa isang makasalanang tao at sa isang Banal na Diyos, at makapag-uugnay ng daan? Maaari ba siyang pumaroon sa Kaniyang bahay at kumatok sa pinto? Bubuksan kaya Niya ang pintuan at makipag-usap sa kaniya sandali?

⁹⁸ Subali’t, pagkatapos, nang ang inspirasyon ay pumasok sa kaniyang puso, kung gayon ay nakikita niya ang Diyos. Ang kidlat ay kumikislap, ang mga kulog ay dumadagundong. At nang magkagayon, siya ay nagtindig sa kaniyang mga paa, at sinabi niya, “Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay! Ang aking Manunubos, at sa huling mga araw Siya’y tatayo sa ibabaw ng lupa.” Kita n’yo, nagsimula niyang makita ang reaksiyon ng Diyos sa kaniyang pananampalataya.

⁹⁹ Ngayon, namamangha tayo kung maaari ba nating makita ang Diyos. Mayroon bang paraan na makita natin Siya? Ngayon, iyon lamang ang tanging paraan na mayroon ang Diyos, sinusubuk si Job. Sinabi niya, “Aking narinig Ka, sa pagkarinig ng pakinig, datapuwa’t ngayo’y nakikita Kita. Datapuwa’t ngayo’y nakikita Kita, nang aking mga mata.” Ang pangitain ng hindi nakikita ay pinaging malinaw. Kaniyang nakita ang ulap na nahahawi, narinig niya ang kislap ng mga kidlat, o nakita ito. At nasaksihan ang dagundong ng kulog, marahil sa isang maaliwalas na araw, at kaniyang nakita na ang Diyos ay nasa ulap na iyan at nasa kidlat na iyan. Nakikita niya ang Diyos, ng kaniyang pangkaraniwang mata. Kita n’yo, dahil ang hindi-nakikita ay naging nakikita. Ang nakikitang pangitain ng iba ay pinagtibay, malinaw, sa pangkaraniwang mata.

¹⁰⁰ Katulad lamang ng pananampalatayang may kalakip na mga gawa, gaya ng ipinangusap natin kagabi. Si Abraham, walang... ay wala rin Biblia para basahin, nguni’t siya ay isang propeta, ang kaniyang pangitain at ang kaniyang pananampalataya. At tila ba iyon ay mali sa iba na siya ay magisip ng ganoon, na siya ay mag-isip na sila ay magkakaroon ng sanggol. Nguni’t sila ay nagkaroon ng sanggol, dahil

ang kaniyang pangitain tungkol sa sanggol ang kaniyang ipinangungusap, “Magkakaroon ako nito! Magkakaroon ako nito!” Datapuwa’t nang ang sanggol ay isilang, sa gayon ang ibang mga tao ay nakikita sa mata kung ano ang kaniyang nakita sa isang pangitain. At kapag ikaw ay kumilos sa kung ano ang iyong sinasampalatayanan sa iyong puso, kung gayon ang mga tao ay makikilala ang Diyos, at malaman kung anong nangyayari sa iyo, sa pamamaraan ng iyong pagkilos. Ganiyan kung paano mo makikita ang Diyos sa pamamagitan ng mata. Nguni’t sa kaniya, lahat ng kaniyang ginawa na mabuti, lahat na kaniyang ginawa para sa iba, siya ay nangangailangan ng isa na mamamagitan para sa kaniya. Nang ang kapanganakan ng sanggol ay dumating, si Isaac, ang-ang inspirasyon na nag-akay sa kaniya dito ay pinagtibay ang kaniyang pangitain hanggang sa makita ng mga tao na yaong nakita niya sa pangitain ay tunay ngang Katotohanan.

¹⁰¹ Ngayon, kung minsan itong dakilang mga pintig na ito ng pananampalataya ay dumarating sa panahon ng kagipitan. Ito’y karaniwang ang kagipitan ang siyang nagtutulak sa atin dito. Iyon ay isang kagipitan ang nagtulak kay Job dito. Aba, siya ay nasa dulo na ng kaniyang buhay. Ang kaniyang mga anak patay na; ang kaniyang mga kamelyo. At lahat ng kaniyang mga ari-arian ay nangawala at nangasira na. At ang kaniyang sariling buhay, siya ay tinubuan mula sa tuktok ng kaniyang ulo hanggang sa talampakan ng kaniyang mga paa ng mga bukol. Iyon ay isang kagipitan, na kaniyang ipinagpatuloy ang sarili, doon kung saan ang inspirasyon ay dumating sa kaniya.

¹⁰² Oh kalalakihan at mga kababaihan, ngayong gabi, kung magagawa ninyong tumingin sa paligid at makita kung gaano na tayo kalapit sa pagdating ng Panginoon. Kayo na tumanggi sa Bautismo ng Espiritu Santo. Kayo marahil ay umaasa sa isang sensasyon, o isang bagay na inyong nagawa na maaaring gayahin ni Satanas, at hindi makapasok sa inyo ang tunay na Espiritu upang lubusang tumungo sa mga pangako ng Diyos. Paanong magagawa ng isang tao na nagsasabing taglay ang Espiritu Santo ay ipagkaila ang isang Salita ng Bibliang ito, sa pagiging, “hindi tama”? Hindi mo magagawa iyon!

¹⁰³ Kahit gaano ka pa karelihiyoso, gaano man karaming simbahan ang iyong kinabibilangan, gaano man karaming aklat ang kinaroroonan ng iyong pangalan, kung ang totoong Espiritu Santo na iyan ay nasa iyo (na siyang Salitang ito na nahayag), makikita mo ang Mensahe at ang panahon, dahil iyon ay ang Espiritu Santo ang gumagawa nito. Datapuwa’t mayroong bagay na dapat na magpa-ilaw niyon, ang inspirasyon ay darating sa iyo. At kung mayroong...kung magbubuhos ka ng tubig sa lupa, sa lupa, sa lupa, at walang binhi doon upang datnan nito, paanong makapagpapasibol ito ng anumang bagay? Walang

bagay doon para pasibulin. Iyan ay, ang tanging Hinirang lamang ng Diyos ang makakakita Nito.

¹⁰⁴ Ang Hinirang ng Diyos ay nakita Ito sa panahon ni Noe, sa panahon ni Moises, sa panahon ni Jesus, sa panahon ng mga apostol, sa panahon ni Luther, sa panahon ni Wesley, sa panahon ng Pentecostal, dahil iyon ang Binhi na nasa lupa nang ang inspirasyong ito ay maibuhos. Ngayon habang ang inspirasyon ay ibinubuhos, para tipunin ang Nobya ng sama-sama, ito'y tanging iyong mga Hinirang lamang ang makakakita Nito. Sinabi ni Jesus, "Ako'y nagpapasalamat sa Iyo, Ama, na Iyong inilihim ang mga bagay na ito sa mga mata ng pantas at matatalino, at ipinahayag Ito sa mga sanggol na handang matuto." Ngayon, kailangang datnan ito ng inspirasyon.

¹⁰⁵ Ngayon, nang datnan siya ng inspirasyon, iyon ang gumawa niyon. Nakamtan niya Ito noon! Ngayon, nalaman natin, may dumarating na panahon ng mga kagipitang ito kapagka ang panggigipit ay nagaganap. At tumingin kayo sa palibot ngayon, tumingin sa kalagayang ating kinabubuhayan. Hindi ba't tayo ay nabubuhay sa makabagong Sodoma at Gomorra? Hindi ba't nagbalik ang mundo? Iyon ay isang sanlibutang Gentil na sinira noon, sa pamamagitan ng apoy. Hindi ba't sinabi ni Jesus, sa Sn. Lucas, sa ika-17 kabanata, ika-28, ika-29, at ika-30 talata, na, "Kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma, gayundin naman sa pagbabalik ng Anak ng tao, kapag ang Anak ng tao ay nahahayag"? Ano ba ang isang "nahayag"? Ay isang lihim na inilantad, isang kapahayagan; ay upang ihayag o paglalantad ng isang lihim.

¹⁰⁶ Ngayon, ang mga bagay na ito na naitago sa buong kapanahunan ng iglesya ay naihayag na ngayon, nailantad. Ngayon, maaari nating sabihin iyan, at kung iyan ay hindi pinatotohanan ng Diyos, iya'y mali. Kita n'yo, hindi kailangan ng Diyos ang sinuman upang ipaliwanag ang Kaniyang Salita, Siya ang Kaniyang Sariling tagapagpaliwanag. Sinabi Niya, "Isang dalaga ay maglililihi," at naglihi siya. Sinabi Niya, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon. At hindi tayo namumuhay sa kapanahunan ni Luther, kapanahunan ni Wesley, o ang kapanahunan ng Pentecostal. Ang kapanahunan ng Pentecostal ay isang pagpapanumbalik lamang ng mga kaloob pabalik sa iglesya, subali't tayo'y nabubuhay sa panahon ng gabi, tayo'y nabubuhay sa panahon ng pagtawag palabas ng Nobya.

¹⁰⁷ At gaya lamang na noon ay mahirap para sa mga Katoliko na maunawaan si Luther, at ang mga tagasunod ni Luther na maunawaan si Wesley, at ang Penteco- . . . ang mga tagasunod ni Wesley na maunawaan ang kapanahunan ng Pentecostal, kaya ito ay mahirap para sa mga Pentecostal na maunawaan ang kapanahunang *ito*. Ito noon pa ay lagi nang ganoon, dahil Ito'y ibinuhos sa isang Hinirang na Binhi, at diyan lamang.

Iyan ang itinuturo ng Biblia. Hindi nila makikita Ito, maging si Jesus ay nanalangin para sa kanila, sabi, “Sila ay bulag, hindi nila nalalaman ito.” Sinasabi sa atin ng Apocalipsis, sa kapanahunang ito ng iglesyang Laodecia, kung kailan Siya ay pinalabas sa iglesya, na sila’y “hubad! dukha! maralita! bulag! at hindi nalalaman ito.” Nagbalik muli, hindi nila makita Ito, hindi nauunawaan Ito. Sila’y labis na gumapang sa mga tradisyon!

¹⁰⁸ Nguni’t alalahanin ang ipinangakong Salita ng Diyos sa pamamagitan ng bibig ni Jesus Cristo, ang mismong Diyos na binigkas ang nilikha na lumitaw, Siya Yaong bago pa itatag ang sanlibutan na bumigkas ng mga Salita, “At magkakaroon nawa,” at nagkaroon nga. Sapagka’t sinabi Niya, “Siya ay nasa sanlibutan, at sa pamamagitan Niya ay nalikha ang sanlibutan, at ang sanlibutan ay hindi nakakilala sa Kaniya. Datapuwat ang lahat ng sa Kaniya’y nakakilala, ay pinagkalooban sila ng kapangyarihang maging mga anak ng Diyos.” Ang Manlilikha mismo, at ang Manlilikha mismo Siya mismo, nang Kaniyang ibangon si Lazaro mula sa mga patay, sinabi Niya, “Huwag itong pagtaktan, sapagka’t dumarating ang oras na ang lahat ng nangasa libingan ay maririnig ang Tinig ng Anak ng tao, at magsisibangon.” Ang mismong Diyos na nagsabi “Magkaroon ng Liwanag,” nagsabing “Ang Tinig ng Anak ng tao ay ibabangon yaong mga nasa libingan.” Ito ay magaganap sa panahon nito. Kaniyang binigkas, “Magkaroon ng lalake at babae,” at iba pa, at lahat ng ito, daan-daang taon bago iyon naganap.

¹⁰⁹ Dumating ang inspirasyon sa propetang Isaias, sinabi niya, “Sa atin ay ipinanganak ang isang bata, isang anak na lalake ang ibinigay. Ang Kaniyang Pangalan ay tatawaging Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, ang Makapangyarihang Diyos, ang walang hanggang Ama.” Lumipas ang mga taon, mga buwan, mga taon, mga araw, mga linggo, nagdaan ang mga taon, daang mga taon ang nagdaan. Makalipas ang walong daang taon, ang Emmanuel ay isinilang ng isang birhen! Bakit? Ay dahil sa iyon ay binigkas ng bibig ng pinahirang propeta ng Diyos, ang binhi ay lumabas. Kita n’yo? “At ang dakilang panahon na iyon,” sabi, “maghahanap ba kayo . . . humiling kayo sa Akin ng isang pangitain o isang tanda.”

¹¹⁰ Sinabi Niya, “Bibigyan Ko sila ng isang tanda, isang walang-hanggan na tanda, ‘Isang birhen ang maglilahi,’ isang walang hanggang tanda.”

¹¹¹ Ngayon, nalaman natin na sa mga oras na iyon ng totoong kagipitan, diyan kadalasan na ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos. Hinayaan Niya ang mga anak na Hebreo na lumakad papunta mismo sa nagliliyab na hurno, bago pa Siya nagkilos ng kamay. Nguni’t kapag Siya ay kumilos, Siya ay kumikilos.

¹¹² Ngayon, napansin natin dito na sa Lucas, ang-ang ika-17 kabanata, at ang ika-30 talata, na sinabi Niya, “Sa huling mga araw, na ang Anak ng tao ay ihahayag ang Kaniyang sarili gaya ng Kaniyang ginawa bago pa ang Sodoma at Gomorra, at ang gayunding kalagayan ay iiral.” Nangusap Siya tungkol kay Moises, tungkol . . . at pagpaumanhinan ninyo ako, hindi patungkol kay Moises, kundi ang tungkol kay Noe. Kung papaanong ang mga tao noon ay “nagsisikain, nagsisi-inom, at iba pa, nagsipag-asawa at pinapag-asawa.” Pagkatapos Siya ay dumating, sinabi Niya, “Ngayon, kung papaano ang nangyari sa mga kaarawan ni Lot, gayundin naman ang mangyayari sa panahon na ang Anak ng tao ay maihahayag.” Ngayon, masdan, ang Anak ng tao ay nahayag sa lupon ni Abraham, bilang isang tao, isang propeta sa anyo ng isang lamang tao, isang karaniwang tao na may alikabok sa Kaniyang mga damit, at tinawag Siya ni Abraham na “Elohim.”

¹¹³ Ngayon, ipinangako rito ni Jesus na sa huling mga araw ang Anak ng tao ay maihahayag muli sa gayunding uri ng lupon, ang maharlika Binhi ni Abraham, bago pa lamang bumagsak ang apoy. Tandaan, ang iglesya ay hindi na tumanggap pa ng anumang saksi, si Abraham at sila ay hindi na, ang ipinangakong anak na kanilang hinihintay ay dumating kaagad pagkatapos noon. At ang iglesya ay naghihintay sa Pangakong Anak, Siya ay darating pagkatapos na pagkatapos ng mga kaarawan ng ministryong ito, Siya’y mahahayag sa kalangitan. Ngayon, nakikita natin ito nang napakalinaw, ito’y kailangang maging ganoon. Ngayon, ang tanging bagay na kailangan ay isang bagay na pipintig, papasok sa isang tao, pagtitibayin ng Diyos at sabihin sa kaniya at ipakita sa kaniya na na iyan ang bagay na mangyayari; at na kayo’y magiging . . .

¹¹⁴ Tulad ng ginawa ni Moises, hindi niya gustong palayain ang mga anak na iyon, nguni’t ang Diyos ay nangusap sa kaniya sa isang nagniningas na palumpong. Hindi niya gustong magpunta, nguni’t kailangan niyang magpunta. Narinig ni Moises ang tungkol sa Kaniya bilang ang dakilang Jehova. Nguni’t pagkatapos ay nakikita niya Siya, Siya ay nasa anyo ng isang Haliging Apoy. “Narinig ko ang tungkol sa Iyo, nguni’t ngayon ay nakikita Kita.” Ano Siya nang makita? Ang Kaniyang Salita ay pinatunayan.

¹¹⁵ Sinabi ng Diyos kay Abraham na ang “kaniyang bayan ay makikipamayan sa ibang lupain sa loob ng apat na raang taon, subali’t Kaniyang ilalabas sila sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay.”

¹¹⁶ At, pansinin, ang nagniningas na palumpong ito ay nagbigay patunay sa sinabi ni propetang Abraham na magaganap. Sinabi ni Moises, “Narinig ko ang tungkol dito, nguni’t ngayon ay nakikita ko ito!”

117 Ngayon, *ating* narinig na sa huling mga araw na ang Anak ng tao ay darating sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan at ihahayag ang Kaniyang sarili sa mga tao sa gayunding paraan na ginawa Niya doon sa . . . bago lamang ang pagwasak ng Sodoma. Ang Anak ng tao, ano ang Kaniyang ginawa? Kaniyang kinilala ang mga lihim na nasa puso ni Sara. Ibinigay din ang pangako kay Abraham. Narinig ni Abraham ang Tinig ng Diyos, maaaring nakita na niya Siya sa maraming iba't ibang kaparaanan (hindi ko alam kung paano Siya nangusap sa kaniya, sa pamamagitan ba ng mga panaginip o sa mga propesiya), datapuwa't sa pagkakataong ito nakita niya Siya. "Narinig ko ang tungkol sa Iyo, ngayon ay nakikita Kita."

118 At ang iglesya ay narinig ang tungkol sa Diyos, nabasa nila ang tungkol sa Kaniya, at ang Kaniyang ginawa, at ang mga ipinangako Niya, nguni't ngayon ay nakikita natin Siya sa ating sariling mga mata (gaya rin ng ginawa ni Job), "Narinig ko ang tungkol sa Iyo, nguni't ngayon ay nakikita Kita." Naku! Anong laking kakaiba.

119 Si Moises, sa kagipitang iyon, ay dumaing. At nasumpungan natin, sa Exodo, ang ika-14 na kabanata, ang ika-13 at hanggang sa ika-16 na talata, si Moises sa malaking kabigatang iyon sa mga anak ng Israel, ang inspirasyon dumating sa kaniya, at sinabi niya kung ano ang dapat niyang sabihin, hindi niya namalayan na sinabi niya iyon. Kita n'yo, "Huminto at masdan ang pagliligtas ng Diyos." Ang Diyos ay hindi pa nangusap sa kaniya. Kita n'yo, ang inspirasyon ay dumating sa kaniya.

120 Sinabi nila, "Bakit mo kami dinala rito? Mabuti pang namatay kami sa Egipto. Dahil ba sa walang libingan doon? Dinala kami rito, at hayaan kaming mamatay; namuhay sana kami ng payapa bilang mga alipin hanggang sa kami'y mamatay, subali't dinala mo kami rito."

121 Si Moises, isang propeta, nalalaman na siya ay mayroong daan sa paglapit sa Diyos, inspirado, at sinabi niya, "Huminto at inyong makikita ang pagliligtas ng Diyos; sapagka't ang mga Egipcio na inyong nakikita ngayon, ay hindi na ninyo sila muli makikita kailan man." Paano niyang nalaman na iyon nga ay mangyayari? Paano niyang nalaman? Hindi niya alam kung ano ang kaniyang sinabi.

122 Nguni't kaagad pagkatapos niyang bigkasin iyon, sinabi sa kaniya ng Diyos kung paano gawin iyon. Sabi, "Moises, huwag kang umiyak sa Akin, tanganan mo ang iyong tungkod sa iyong kamay at iunat ito sa ibabaw ng dagat, at sabihin sa mga anak ni Israel na 'Lumakad!'" Amen!

123 Ang inspirasyon! Ganiyan ito darating sa inyo kung kayo'y maysakit. Ganiyan ito darating sa inyo kung kayo'y napapahirapan. Isang bagay ay ipinahayag sa inyo, at inyong

nakita na ito'y naipahayag, magsasabi kang, "Ako'y magaling na!"

124 Pagkatapos ay sasabihin ng Diyos sa inyo kung ano ang inyong gagawin, "Bumangon ka at magsimulang lumakad." Amen! Kung magkagayon ito'y tapos na, na inyong magagawa ito ng gayun. Ganiyan ito ginagawa ng Diyos, pagkatapos iyong makikita ang Diyos ay nahayag sa pamamagitan ng inyong sarili.

125 Ang Diyos noon ang nagsabi sa kaniya na gawin iyon. Ngayon, pagkatapos, ang lahat na naroroon, lahat ng Israelita na naroroon ay nakita ang inspirasyon na dumating kay Moises. Nakita nila ang Diyos, ng kanilang sariling mga mata, na hinipan ang tubig na iyon papunta sa magkabilang panig. At ang Haliging Apoy na iyon ay pinangunahan silang tumawid mismo sa-sa dagat. Narinig niya ang tungkol sa Diyos, pagkatapos ay nakita nila ang Diyos.

126 Si Josue ay nasa oras ng kagipitan, nang ang mga hukbo ay magtakbuhan, at ang araw ay papalubog na. Si Josue ay isang propeta, at batid niya na kung ang mga hukbong iyon ay magkaroon ng pagkakataong makapagsasanib muli at lusubin siya, ay malalagasan siya ng dagdag na tauhan, kaya sa oras na iyon ng kagipitan kung kailan mayroong bagay na dapat na maisagawa. . . Mayroon lamang isang bagay, kung mapapanatili niya silang tumatakbo, kaniyang masusukol sila, bawa't isa, mapapatumba. Subali't wala nang sapat na liwanag para gawin iyon, kaya't si Josue nagtindig, itinaas ang kaniyang mga kamay, sinabi niya, "Araw, tumigil ka! At buwan, manatili ka sa Ajalon hanggang sa ako ay matapos sa labanang ito." At ang araw ay tumigil. Narinig nilang nangusap si Josue, at pagkatapos nakita nila ang Diyos, sa sarili nilang mga mata, sa pagkilos. Totoo!

127 Kita n'yo, siyempre, iyon ay isang kabalintunaan na makita ang isang bagay na tila ba imposible, gayunma'y totoo. Datapuwa't, "Ang araw ay tumigil," sinasabi ng Biblia. Hindi ko alam kung ano ang iniisip ninyong mga tao, na nagpapalagay na ang mundo ang siyang umiinog, ngayon; subali't, ganoon pa man, "ang araw ay tumigil." Marahil ay hindi na sinikap pang unawain ni Josue kung paano niya ga—gagawin iyon, kung paanong iyon ay gagawin ng Diyos, ang tanging bagay na sinabi niya ay, "Araw tumigil ka!" Sinabi niya iyon, marahil ay hindi nalalaman kung ano ang kaniyang sinasabi, dahil ang Diyos ang nagkaloob niyon sa kaniya, at Siya ay gumawa.

128 Gayunding bagay sa Marcos 11:23, "Kung inyong sasabihin sa bundok na ito 'mapalipat ka,' at hindi mag-alinlangan sa inyong puso, kundi sampalatayanan na ang inyong sinabi ay mangyayari, makakamtan ninyo ang inyong sinabi." Nguni't hindi ka maaaring tumayo roon na kakapa-kapa sa iyong isipan at sasabihin iyon, ika'y dapat na inspirado na sabihin iyon. Amen!

129 Ipagpaumanhin ang pagpapahayag ko; datapuwa't nang araw na iyon, naroroon ako sa kagubatang iyon (at ang Diyos ang aking hukom, at maaaring mamamatay ako sa pulpitong ito), nang ang Kasulatang iyan ay pinagisip ako ng buong buhay ko. . . nakaupo roon sa kagubatan nang umagang iyon, at ako ay nagisip tungkol doon, at ang Tinig na iyon ay nangusap sa akin, sinabi Niya, "Ang Kasulatang iyan ay tulad ng lahat ng Kasulatan, Ito'y totoo."

130 At naisip ko, "Aba, paano mangyayari iyon?"

131 At sinabi Niya, "Ika'y. . ." sabi ko. . . Sinabi Niya, "Magsalita ka, at iyon ay mangyayaring gayon. Huwag Itong pag-alinlanganan."

132 At ako ay may Isang kinakausap, naroroon sa gitna ng kagubatan. Walang mga iskwirel, tatlong araw na ako naroroon, walang mga iskwirel doon. At ako ay nakaupo doon sa kasukalan ng sikamoro. Ang mga iskwirel ay ni hindi nagagawi. . . sinumang mamamaril ng mga iskwirel, ay nalalaman na sila'y wala sa sikamoro. At matagal-tagal na akong nakaupo roon; at ang hangin ay humihihip ng malakas, mga ika-sampu ng umaga, at ako ay muling nagisip.

133 At sinabi Nito, "Ika'y nangangaso, at ikaw ay nangangailangan ng mga iskwirel kagaya ni Abraham na nangailangan ng tupa."

134 Aking naisip, "Iyan ay laging nagsabi sa akin ng Katotohanan, nguni't ito'y medyo kakatuwa." At tumayo ako mula sa aking kinaaupuan, tumingin sa buong paligid, "Nasaan kaya ang Personang iyan na nakikipagusap sa akin?" Wala; ang hangin ay talagang humihihip ng malakas. At naisip ko, "Nakatulog ba kaya ako at napanaginipan iyan? Hindi, hindi ako tulog. Ako ay nakaupo sa may puno doon, nagbabantay, dapat sana ay sunduin sina Kapatid na Wood at Kapatid na Sothmann doon, maya-maya lamang, mga ika-sampu ng umaga. Ang mga magbubukid ay naroroon lahat gumagawa, iniipon ang kanilang mais."

135 At narinig ko Iyon uli, sabi, "Ikaw ay nangangaso, at kailangan mo ng mahuhuli. Ilan ba ang kailangan mo?"

136 At naisip ko, "Ngayon, hindi ko gustong samantalain ito, ako'y hihiling lamang ng tatlo, tatlong iskwirel. Gusto ko ng bata, tatlong pulang iskwirel. Iyon ang gusto ko."

137 Sinabi Niya, "Kung gayon magsalita ka tungkol dito."

138 At sinabi ko, "Gusto kong makahuli ng tatlong kulay pulang batang iskwirel."

139 Sinabi Niya, "Saan banda sila manggagaling?"

140 "Buweno," naisip ko, "Umabot na ako sa puntong ito, may Isang kumakausap sa akin dito." Kagaya lamang na naririnig n'yo akong nagsasalita. At ang Diyos sa Langit, na ang Bibliang

ito ay nakapatong sa aking puso, ay nalalaman na na iya'y totoo. At Siya... At sinabi ko, "Buweno,..." Pumili ako ng isang alanganing lugar, isang luma ng tuyong sanga na nakabitin doon (mga limampung yarda, kung saan ko pinaputok ang aking riple).

141 Sinabi ko, "Ang una ay lilitaw mismo sa gawing iyon," at hayun nga siya.

142 Kinusot ko ang aking mga mata at tiningnan kong muli (lumingon ako), at naisip ko, "hindi ko gustong barilin ang isang pangitain." Kaya't tumingin muli ako sa paligid, at naroon ang iskwirel. Nilagyan ko ng bala ang aking baril, inasinta, at nakikita ko ang maiitim niyang mata, bata na pulang iskwirel. Naisip ko, "ako—ako... marahil ako'y tulog, ako—ako'y gigisinging mayamaya. Kita n'yo, ako'y nananaginip tungkol dito." Buweno, inumang ko, binaril ang iskwirel at nahulog iyon mula sa sanga. Naisip ko, "Buweno, hindi ko alam." Naisip ko, "Buweno, kailangan ba akong lumapit at hanapin iyon?" At-at lumapit ako roon, at naroon iyon ay nakahandusay. Dinampot ko iyon at umaagos ang dugo mula rito. Ang isang pangitain ay hindi nagdurugo, alam n'yo. Kaya't dinampot ko iyon, at iyon ay isang iskwirel. Ako'y totoong namanhid, buong katawan.

143 At ako'y lumingon sa paligid, sinabi ko, "Diyos, iyon ay ikaw!" Sinabi ko, "Salamat sa Iyo, dahil dito. Ngayon ako'y aalis at..."

144 Sinabi Niya, "Nguni't *sinabi* mo! Nag-aalinlangan ka ba sa sinabi mo? Sinabi mo ay huhuli ka ng 'tatlo.' Ngayon saan banda manggagaling ang susunod na isa?"

145 Naisip ko, "Aba, kung ako'y nananaginip, ipagpapatuloy ko ito."

146 Kaya aking—aking sinabi... Pumili ako ng isang lumang tuod doon, ng isang puno na napuluputan nitong nakalalasang baging. Wala kayo kailanman mahuhuling iskwirel doon. Kaya't sinabi ko, "Ang isang kasunod ay lilitaw mula riyan sa nakalalasang baging," at hayun nakapatong ang bata na pulang iskwirel na iyon na nakatingin sa akin. Inasinta ko ang aking baril, at kinusot ang aking mga mata. Lumingon akong muli, naisip ko... Hayun siya nakapatong, ipinihit ang kaniyang ulo patagilid. Binaril ko ang iskwirel, at pagkatapos ay nagsimula akong umuwi.

147 Subali't sinabi, "Sinabi mo'y 'tatlo'! Nag-aalinlangan ka ba sa sinabi mo?"

148 Sinabi ko, "Hindi po, Panginoon, hindi ko pinag-alinlangan ang sinabi ko, sapagka't Iyong pinapatotohanan."

Ito ay isang Kasulatan na pinagisip ako: "Hindi kung *aking* sasabihin, kundi kung *iyong* sasabihin." Hindi kung sinabi ito ni *Jesus*, kundi kung *iyong* sasabihin ito ikaw mismo.

149 At naisip ko, “Kahit paano ako’y nakapasok sa daluyang iyan, at batid kong Siya’y naririto dahil halos wala na ako sa aking sarili.” Naisip ko, “Gagawin ko ang isang nakakatawang ito, totoo nga.”

Sinabi ko, “Magkakaroon ng isang, pulang iskwirel na bababa mula sa burol na *iyon*, bababa sa gawing *ito* mismo, at dadaan sa tabi ko mismo, at aalis, at uupo sa sangang *iyon*, at titingin doon sa magbubukid na *iyon*.” Heto siya bumababa sa burol, lumabas mismo, at umupo, tumingin sa magbubukid. At binaril ko siya.

150 Sinabi sa akin ni Satanas, “Alam mo ba? Ang kagubatan ay punung-puno ng mga iyan, ngayon.” At ako ay nanatili roon hanggang alas dose, at wala nang iba pang naganap. Ipinapakita nito na kapag ang Diyos. . . Siya mismo ang Manlilikha ng mga Langit at lupa!

151 Nakikinig, sa Jeffersonville ngayon, may isang pamilyang nangangalang Wright. Si Kapatid na Wood ako ay nagpunta doon upang dalawin sila. Sila ang gumagawa ng alak na pang-kumunyon para sa simbahan. Ang munting si Edith ay nakaupo roon sa silid; isang munting lumpong dalaga, na siya ay maysakit sa buong buhay niya, at kaya kami ay laging umaasa sa Diyos na pagalingin siya. Ang kaniyang kapatid na babae, isang balo, ang kaniyang asawa ay napatay; ang pangalan niya ay Hattie, napaka-mapagkumbabang munting babae. At habang si Kapatid na Banks at ako ay umalis para ikuha siya ng isang kuneho, sila ay nagluto ng isang malaking tinapay na gawa sa cherry; at ako ay pinaupo at kumain.

152 Kaming lahat ay nakaupo sa palibot ng mesa, pinag-uusapan namin ang tungkol dito, ito ay nangyari mga ilang araw bago iyon. At habang nakaupo sa palibot ng mesa, nagkukuwento tungkol dito, biglang-bigla ay sinabi ko na, “Ano kaya ang maaaring mangyari?” Sinabi ko, “Kapatid na Wright, ika’y matanda nang lalake, namaril ng mga iskwirel sa buong buhay mo. Kapatid na Shelby, ika’y isang bihasang mangangaso ng mga iskwirel. Kapatid na Woods, ganoon ka rin. Ako’y nangaso sa mga iyon mula pagka-bata. Nakakita na ba kayo ng isang iskwirel sa isang sikamoro at locust na kasukalan?”

153 “Hindi, po.”

154 Sinabi ko, “Ang mga iyon ay talagang wala doon.” Sinabi ko, “Ang tanging bagay na nalalaman ko, Ito’y sadyang ang siya ring Diyos. Noong si Abraham ay nangangailangan ng isang tupa, Siya yaong *Jehovah-jireh*, magagawa Niyang ‘maglaan para sa Kaniyang Sarili.’” Sabi ko, “naniniwala ako na ito’y ganoon ding bagay.”

155 At ang munting si Hattie na nakaupo roon sa likuran, sinabing, “Kapatid na Branham, iyan ay di-iba kundi ang Katotohanan!”

156 Sinabi niya ang tamang bagay! Nang sabihin niya iyon, ang Espiritu Santo ay muling bumababa sa daluyang iyon, bawa't isa sa kanila ay naramdaman Iyon. Ako'y nagtindig, aking sinabi, "Kapatid na Hattie, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, iyong sinabi ang tumpak na salita tulad ng sinabi ng babaing taga Sirofenisia. Ang Espiritu Santo nangungusap sa akin ngayon, at sinabi sa akin na ipagkakaloob sa iyo ang hangarin ng iyong puso." Sinabi ko, "Ngayon, kung ako ay lingkod nga ng Diyos, kung iyon nga, ito'y mangyayari. Kung ako ay hindi lingkod ng Diyos, kung gayon ako'y isang sinungaling, at hindi ito mangyayari, ako'y isang mandaraya." Sinabi ko, "Ngayon subukan at tunghayan, ito'y Espiritu ng Diyos o hindi."

157 Sinabi niya, "Kapatid na Branham," (lahat ay umiiyak), sabi, "anong hihilingin ko?"

158 Sinabi ko, "Mayroon kang kapatid na babaing lumpo na nakaupo roon."

159 Mayroon akong dalawampung dolyar sa aking bulsa, para ibigay sa kaniya, na inambag niya sa isang donasyon. Ang babae ay hindi pa halos kumikita ng dalawang daang dolyar sa loob ng isang taon, doon sa maliit, dati, hamak na bukiring iyon, siya at ang dalawa niyang anak na lalaki. Ang kaniyang mga anak ay karaniwang mga 'Ricky,' pasukan sa eskwela, alam n'yo na, at sadyang sinasagot ng pabalang ang kanilang ina; at labinglima, labing-anim na taong gulang. At, oh, sila ay nakatayo sa banda roon at nagtatawanan sa sinasabi ko.

160 At sinabi ko, "Mayroon kang ama at ina na nakaupo rito na matatanda na. Wala kang kapera-pera. Humiling ka ng pera, at tingnan kung ito ay mapapasa iyong kandungan. Humiling ka para sa iyong kapatid na babae, at tingnan kung hindi siya tatayo at lumakad." Nalalaman ko sa gayun, katulad ni Job, may isang bagay na iyong nalalaman kapag masapul mo iyon. Sabi, "Alam ko! Heto nakatayo ako sa harapan ng mga sampu katao," Sinabi ko, "kung ito ay hindi mangyayari, kung gayon ako'y isang bulaang propeta."

161 Sabi, "Anong hihilingin ko?"

162 Sinabi ko, "Bahala ka nang gawin ang iyong kapasintahan. Hindi maaaring ako ang gumawa ng iyong kapasyahan."

163 Siya'y tumingin sa paligid, ang munting babae. At biglang-bigla, sinabi niya, "Kapatid na Branham, ang pinakamalaking hangarin sa puso ko ay ang kaligtasan ng dalawa kong anak na lalaki."

164 Sinabi ko, "Ibinibigay ko sa iyo ang iyong mga anak na lalaki, sa Pangalan ni Jesus Cristo." At sila na naghahagikhikan, nagtatawanan, at mapagbirong mga kabataang iyon ay sumubsob sa kandungan ng kanilang ina, at isinuko ang kanilang buhay sa Diyos, at nangapuspos ng Espiritu Santo noon din.

¹⁶⁵ Bakit? Iyan ay Katotohanan! Ang Diyos ay may kapamahalaang patayin ako, sa harap ng mga taong ito sa buong bansa. Marami sa inyo rito at sa Jeffersonville, naririnig ko ang Tabernakulo na umalingawngaw ngayon ng, “Amen!” dahil sila’y nakaupo mismo doon at nakikinig dito. Kita n’yo, dahil ito’y ang Katotohanan! Ano ito? Ito’y kapag ang Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang pinakadakilang biyaya; ito ay nangayayari! Maliban diyan, hindi ito magaganap.

¹⁶⁶ Sa napakahalagang sandaling iyon... Isipin ang mga kalalakihan at mga taong kakilala ko. Ang Diyos ay nilalampasan ang lahat ng mga kilalang tao, at lahat, upang bigyan ang isang mahirap, munting babaing mapagpakumbaba, hindi halos maisulat ang kaniyang sariling pangalan; at nalalaman Niya na kung ano ang kaniyang hihilingin. At iyon ang pinakadakilang bagay; dahil ang kapatid niyang babae ngayon ay patay na, at ang kaniyang ina at ama papanaw rin, ang pera ay mawawala, datapuwa’t ang kaluluwa ng kaniyang mga anak ay Walang Hanggan! At iyon ang oras para sa kanila upang tanggapin Iyon. At pagkasabing- pagkasabi ko na, “Ibinibigay ko sa iyo ang iyong mga anak na lalaki, sa Pangalan ni Jesus Cristo,” hayun sila ay bumagsak sa kandungan ng kanilang ina. Ilan sa mga naririto ang nakakaalam na iyan ay Katotohanan, alam n’yo ba iyon? [Ang kongregasyon ay nagsabing, “Amen.”—Pat.] Kita n’yo? Iya’y tama. Oo. Bakit? Inspirasyon!

¹⁶⁷ Ngayon: “Narinig ko ang tungkol sa Iyo, na magagawa Mong lumikha ng mga iskwirel; Narinig ko ang tungkol sa Iyo, na magagawa Mong lumikha ng tupa; nguni’t ngayon ay nakikita Kita, sa sarili kong mata!” Ang paghahayag, ang pangitain ay naging nakikita. Kapag ang Diyos ay nangako ng anumang bagay, iyan ang Kaniyang gagawin.

¹⁶⁸ Pansinin, kapag ikaw ay may pangangailangan, marahil ay katulad kay Josue. Siya ay may pangangailangan; hindi niya kailanman inisip ang mga kalalagayan, binigkas niya iyon, at iyon ay Diyos! Naniniwala ba kayo na ang araw ay tumigil? Ako rin naman. Paano nito ginawa iyon? Huwag sikaping unawain iyon, subali’t naganap iyon. Nagawa iyon ni Josue, at itinaas ang kaniyang mga kamay; sa napakahalagang panahon na iyon ay mayroon siyang daang paglapit sa Diyos, at iyon ang nangyari. Iyon ay napapanahon. Ang Espiritu ng Diyos na Buhay ay nakita ang pangangailangan niyon, at nagtulak kay Josue upang salitain iyon. Ang siya ring Diyos ay nakita ang pangangailangan ni Abraham. Ang siya ring Diyos ay nakita ang pangangailangan ng pagpapatibay sa Kasulatang ito sa akin, na ang Kasulatang *iyon* ay totoo, rin naman! Ang siya ring Diyos ay nakita ang pangangailangan niyaong dalawang kabataang lalaki na itinalaga, at iyon ay ang sandaling iyon na pinatunayan Niya ito at pinagtibay ang Kaniyang Salita.

169 San Marcos 14, ating makikita ang isang babaing sumampalataya sa Kaniya, siya ay mayroong mayroong pangangailangan at nakita na Siya ay may pangangailan para sa Kaniyang mga paa upang mahugasan, siya ay kinailangan lamang na maging inspirado upang kumilos. Ngayon makinig ng mabuti habang . . . bago tayo magtapos. Siya ay kailangan lamang na maging inspirado upang kumilos, dahil narinig na niya ang tungkol sa Kaniya. Narinig niya na “Pinatawad Niya ang isang babae sa kaniyang mga kasalanan, isang patutot. At sinabi, ‘Sino sa inyo ang walang kasalanan? Ipukol ang unang bato.’” Narinig niya ang tungkol sa Kaniya, nguni’t ngayon ay nakita niya Siya. Siya ay naging inspirado upang paglingkuran Siya. Iyan ang tanging bagay na kailanganin mo.

170 Pahintulutan ang Espiritu Santo na sabihin sa inyo na “Ika’y isang makasalanan!” Pahintulutan ang Espiritu Santo na sabihin sa inyo “Kayo’y mali!” Pahintulutan ang Espiritu Santo na patunayan sa inyo batay sa Kasulatan na “Kayo’y mali ayon sa Kasulatan!” At ano . . . pagkat Ito’y kikilos lamang sa pamamagitan ng isang tuwid na daluyan ng bawa’t Kasulatan ng Diyos, Ito ay hindi lalampas ng walang dahilan. Kung ginagawa mo, Ito’y walang kabutihang maidudulot sa iyo kailanman. Dahil ang Espiritu Santo ay magagawang kasihan Ito sa inyo, nguni’t kung ang kaluluwa ay hindi matuwid sa Diyos, gaya ng tinalakay natin sa buong sanlinggong ito, ito’y hindi pa rin mabuti. Tandaan, ang mga bulaang-pinahiran ay magsisipaglitawan sa huling mga araw; hindi mga bulaang Jesus, mga bulaang cristo (mga pinahiran), at dadayain ang mismong Hinirang kung maaari.

171 Pansinin, siya ay may paglilingkod na gagawin para sa Kaniya. Narinig niya ang tungkol sa Kaniya, ngayon ay nakita niya Siya ng kaniyang mga mata. Siya ay may paglilingkod na gagawin, at siya ay walang dalang anuman upang maisagawa iyon. Kaya siya ay dali-daling pumaroon pa rin, upang gawin ang paglilingkod, ipinagkaloob ng Diyos ang tubig at mga tuwalya para hugasan ang Kaniyang mga paa. Narinig niya ang tungkol sa isang Diyos na Buhay, sa buong buhay niya, nguni’t ngayon ay nakita niya Siya ng kaniyang mga mata. Batid niyang iyon ay Siya, at ang inspirasyon dumating sa kaniya, at sinabi, “Ito ang Mensahero!” Siya ay nangangailangan ng paglilingkod (siya ay walang dalang anuman upang gamitin sa paglilingkod sa Kaniya), ang Kaniyang mga paa ay marurumi. Nguni’t siya ay dali-daling pumaroon pa rin, upang gawan Siya ng paglilingkod, dahil siya ay naging inspirado upang gawin iyon.

172 Oh ang tumalikod na kasapi ng iglesia, maka-denominasyong lalaki o babae, hindi ba ninyo nakikita ang pangangailangan ni Jesus ngayong gabi? Kung ang inspirasyon ay magawang datnan lamang kayo, ito ang oras para gawin ito. Subali’t nakita niya Siya ng kaniyang mga mata. Ang mga

iba doon ay pinagtatawanan Siya. Hindi nila pinaniwalaan ang Kaniyang Mensahe. Ang totoo, ang nag-anyaya, ang pastor na nag-anyaya, ang matandang si Simon, ay inanyayahan Siya roon upang gawin Siyang katatawanan. Hindi nila pinaniwalaan na Siya ay isang propeta.

¹⁷³ Kaya sa gayon nang iyon ay para bang naisagawa na iyon ng Diyablo ng tamang-tama lamang para sa kaniya upang sabihin ito, sinabi niya sa loob-loob niya, “Kung ang lalaking ito ay isang propeta, ay makikilala niya kung anong uring babae ang nasa kaniyang paanan. Kung siya ay isang propeta!” Kita n’yo, ni hindi nga iyon inihayag sa kaniya kung sino Siya. Walang anumang inspirasyon na maaaring dumating sa kaniya, ‘pagkat walang anumang bagay doon na daratnan. Nguni’t iyon ay dumating sa babae!

¹⁷⁴ Ang kaniyang mga mata ay tumingin ng lagpas doon sa kaniyang mga puna. Siya ay sumasampalataya na Siya nga iyon, kita n’yo, ang Salita ng mga propeta. Nalalaman niya na Iyon ay ang lahat na mga Salita ng mga propeta, ay napagtibay sa Kaniya. Narinig niya na Siya ay nasa lupa, nguni’t ngayon ay nakikita niya Siya. Masdan kung ano ang kaniyang ginawa. Nakita niyang ang Salita ay nagkatawang tao, ang Mesias, ang Emmanuel. Nang siya ay magbigay daan sa kaniyang pintig ng pananampalataya (tungkol sa kapahayagan kung Sino Siya, sa panahon na kaniyang kinabubuhayan, na Siya ay Cordero ng Diyos para sa makasalanang gaya niya), siya ay pumaroon upang ipaglingkod ang Kaniyang mga pangangailangan nang hindi niya alam kung paano iyon gagawin.

¹⁷⁵ Ganiyan dumarating ang isang tunay na kagalingan, kapag ito’y naipahayag sa iyo na “Siya ay nasugatan dahil sa iyong mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa iyong mga kasamaan, at sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay *kayo’y* nagsigaling.” Kapag ito’y kinasihan sa inyo upang makita ang Kaniyang Presensiya rito, ng San Marcos 11...o San Lucas 17:30, na Kaniyang ipahahayag ang Kaniyang Sarili sa huling mga araw (sa gitna ng Kaniyang bayan, sa katawang tao) katulad ng Kaniyang ginawa noon sa harap ng Sodoma. Kapag inyong nakita iyan, at may bagay na dumating sa inyo!

¹⁷⁶ Ang doctor ay maaaring sabihing, “Ang kanser ay nariyan pa rin.”

¹⁷⁷ Ang pasyente ay maaring sabihing, “Ako—ako—ako—ako—ako—hindi ko alam kung paano ako makakalakad, subali’t ako’y makakalakad pa rin.” Hindi natin alam kung paano nito gagawin.

¹⁷⁸ Siya ay pumaroon upang paglingkuran Siya, dahil ang inspirasyon ay dumating sa Kaniya...sa babae, na iyon na ang oras, na iyon ang Mensahero, iyon ang Mesias na magpapagaling, at sinampalatayanan niya Iyon. At Siya ay nangangailangan

ng paglilingkod na gawin sa Kaniya, at siya ay pumaroon nang walang anumang dala na nagpapakitang magagawa niya iyon. Siya ay pumaroon lamang sa pamamagitan ng kaniyang inspirasyon. Masdan! Binuksan ng Diyos ang mga bukal ng mga glandula ng luha sa kaniyang mga mata. Ang siya ring mata na nakarinig. . . mga tainga na nakarinig sa Kaniya; ang mga mata na nakakita Nito, ay lumuha sa kagalakan. Pagkatapos ang isa pang iyan, ang mahabang buhok na kaloob-ng-Diyos, kasabay niyaong mga luhang umaagos. Ipinagkaloob ng Diyos ang kaniyang mga tuwalya (sa pamamagitan ng kaniyang buhok), at kasabay ng kaniyang mga luha. Ipinaglingkod niya ang Kaniyang mga pangangailangan, ang pangangailangan ng Buhay na Diyos. Narinig niya ang tungkol Dito, nguni't ngayon ay nakita niya Siya, siya ay makakagawa sa Kaniya ng isang paglilingkod.

¹⁷⁹ Oh makasalanan! Bakit hindi mo gawin ang gayon din habang iyong nakikita ang mga pangangailangan ngayon? Na ikaw ay kailangan Niya, ang iyong paglilingkod! Ngayon iyong nakikita ang Isa, Na minsan ay iyong narinig sa Biblia. Nakita natin Siya kagabi na pumarito, at kung ano ang Kaniyang ginawa. Nakikita natin Siya, sa bawa't pagtitipon, at minsan tayo ay nakaupo lamang na napakalamig at nagsasawalang-bahala, sasabihin, "Oo, alam kong binabanggit ito ng Kasulatan. Oh, Ako—aking nakita na naganap iyon, kita nyo." Tayo ay walang interes, tila ba ito ay hindi dumating sa atin ng wasto. Tila ba walang anumang bagay, katulad ng kung ikaw ay nagbubuhos ng . . .

¹⁸⁰ Kumuha ng palito ng posporo at ikiniskis iyon, kung ang palito walang asupre sa mismong duluhan ng palito, iyon ay hindi sisindi. At maari mong ikiskis nang ikiskis nang ikiskis, nguni't kung ang isang kemikal ay pumatay sa asupre doon, iyon ay hindi sisindi, hindi magkakaroon ng ilaw. Subali't kung ang kemikal na iyon, ang asupre na ikikiskis sa bakal ay . . . ito'y naroroon pa rin iyon kapag ikiniskis ito, ito'y sisindi.

¹⁸¹ At kapag ang totoo, tunay na pagpapatibay ng Mga Kasulatan nitong Mensahe ng huling-panahon, at nakikita mo ang Presensiya ni Jesus Cristo, na iyong narinig ang Kaniyang ginawa sa Kaniyang buhay, at mapakinggan ang Mga Kasulatan na nagsasabing "Siya'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman"; at bago pa lamang na ang kalagayan ng Sodoma tupukin ng apoy na may galit ng Diyos, makikita si Jesus na babalik sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan, inanyuhan sa laman ng tao, at gagawin ang gayunding bagay na Kaniyang ginawa. Naku! Ito ay dapat na pinasisiklab ang ating mga kaluluwa tungo sa Kaluwalhatian! Ito ay dapat na gagawa ng isang bagay sa atin. Bakit? Ito'y bumababa doon.

¹⁸² Inyong narinig sa Biblia ang Kaniyang ginawa, kung paanong ang babae ay nahipo ang Kaniyang damit. Siya

ay lumingon at sinabi sa kaniya kung ano ang kaniyang karamdaman, at ang kaniyang pananampalataya ay pinagaling siya. Ngayon, Kaniyang ipinangako na muli Niyang gagawin ang gayunding bagay, bago lamang na ang sanlibutan ay masunog, at ang sanlibutan ay magiging tulad sa kalagayan ng Sodoma. Ang Bagong Tipan, ang Propeta, ang Diyos-na-Propeta, ang Propeta ng mga propeta, ang Diyos ng lahat ng mga propeta, ang buong kapuspusan ng Pagkadiyos ayon sa laman, Diyos ng . . . na nahayag sa laman, ang Manlilikha, ng Genesis. Aleluya! Ito’y Kaniyang Salita! Kaniyang sinabi na ito’y magaganap! At ating nakikita ang kalagayang Sodoma, nakikita natin ang sanlibutan na nasa gayong kalagayan, ngayon ating nakikita Siya na bumaba at ginawa ang hustong-husto sa Kaniyang sinabi na Kaniyang gagawin. Ngayon, ating narinig ang tungkol sa Kaniya, ngayon ay nakikita natin Siya! “Narinig Kita sa pamamagitan ng aking pakinig, ngayon ay nakikita Kita ng aking mga mata.” Amen! “Nakikita ko Siya ng sarili kong mga mata.” Napakadakilang oras nito! Napakadakilang panahon! Ang pagpapatibay ng Kaniyang Salita! Madalas kapag ang Salita ay napagtibay, iya’y Diyos na nangungusap sa Kaniyang Salita, na inilalantad ang Kaniyang sarili upang inyong makikita.

¹⁸³ Ngayon, narito ang isang patutot mula sa lansangan, nagpatirapa siya sa altar, sa harapan ni Jesus, at hinugasan niya ang Kaniyang mga paa ng—ng mga luha, at—at pinunasan ang mga iyon ng kaniyang buhok. Pinarangalan ng Diyos, Kaniyang sinabi, “Saan man maipangaral ang Ebanghelyong ito, hayaan itong mailahad bilang isang ala-ala sa kaniya.” Bakit? Masdan kung gaano siya karumi, subali’t may bagay na dumating. Nakita niya ang Salita ng pangako, mula doon sa Halamanan ng Eden, ito, “ang binhi ng babae ay dudurugin ang ulo ng serpiyente.” Nakita niya ang Mesias na isinilang ng isang birhen.

¹⁸⁴ Narinig niyang Siya ay ipanganganak ng isang birhen, nguni’t narinig nila na ang lalaking iyon ay nasa lupa. Narinig niyang may isang batang guro, Propeta, na nagpagaling ng maysakit. Sinampalatayanan niya iyon! At heto siya dumarating mula sa lansangan, palakad-lakad, patingin-tingin sa paligid. At siya ay napatingin sa gawing iyon at nakita ang malaking kasayahang iyon na nagaganap. Sumampa siya sa bakod, at tumingin doon, at naroon Siya. Hayun Siya! May kung Anong nagsabing, “Siya nga ’yan!” Kita n’yo, iyon lang ang kaniyang kailangan upang maging inspirado. Nakita n’yo ang nangyari? Nakita niya ang Salita ng Diyos na nagkatawang tao. Narinig niya sa pamamagitan ng kaniyang pakinig, ngayon ay kaniyang nakita ng kaniyang mga mata.

¹⁸⁵ Ngayon, batid ng lahat na tayo ay napangakoan tungkol sa magiging kalagayan ng iglesya, sa huling araw. Ang iglesya, sa kasalukuyang kalagayan nito, ay hindi kailan man magagawang

matupad ang mga utos ng Diyos, ang dakilang utos, hindi magagawang tawagin palabas ang Nobya. Alin ang makagagawa nito? Ang mga Pentecostal ba? Sasabihin kong hindi. Wala ni isa man sa kanila. Iyan ang ipa na nasa trigo. Na lumitaw, na katulad na katulad lamang ng trigo, subali't wala namang trigo doon. Iyon ay nagbukas, subali't ang butil ay magmumula doon. Sila ay nag-organisa, pinatay nila ang kanilang sarili. Diyan sila nangamatay. Sila ay mga uhay. Subali't ang trigo ay lumabas sa pamamagitan niyon, at ngayon ito'y nagsimulang mag-anyo sa Nobyang-anyo. Ang butil ng trigo na nahulog sa lupa sa loob ng buong madilim na mga kapanahunan, ito'y kailangang mamatay.

¹⁸⁶ Ang kritikong iyon ay nagsasabing, “Bakit ang isang Diyos ng awa, na kayang hawiin ang Pulang Dagat, ay nakatayo hinayaan silang mga kawawang Kristiyano na kainin ng mga leon, at pinagsusunog, at lahat na? Nakaupo, na para bang pinagtatawanan Niya ito!” Ang kaawa-awang taong mangmang! Hindi ba niya alam, “Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa”? Ito ay kailangang mamatay sa buong madilim na mga kapanahunan na iyon, katulad ng iba pang butil ng trigo ay kailangang matabunan sa ilalim ng lupa at malibing, upang iusbong sa unang repormasyon yaong dalawang dahon ni Luther, ang tangkay. Kailangan itong lumabas doon sa mga Wesleyan, mula doon, upang mailabas ang polen, ang mga uhay, ang dakilang panahon ng pagmi-misyon. Kailangan nitong lumabas sa Pentecostal, para sa pagpapanumbalik ng mga kaloob, halos dadayain ang pinaka Hinirang. Parang katulad ng isang butil ng trigo; buksan iyon, ni walang trigo doon, ito'y ipa lamang. Subali't mula doon, kung magkagayon, sila ay nagsimulang bumuo ng organisasyong oneness, ang organisasyong trinidad, ang organisasyong twoness, at organisasyong iglesya ng Diyos, at lahat ay nag-organisa, at sadyang ganap na kamatayan! At ngayon anong nangyari? Nguni't ito'y isang kanlungan ng trigo, ito'y nagsimulang lumago mula rito sa buong panahon.

¹⁸⁷ Ngayon ito'y nagpasimulang lumabas, ang trigo ay nagpasimula nang makita. Ito ay hindi isang kapanahunang Pentecostal. Ito ay ang kapanahunang huling-araw. Ito ay ang Kapanahunang Nobya. Ito ay ang Pang-gabing Liwanag. Ito ay kung kailan na ang Malakias 4 ay dapat na matupad, upang masunod ang plano ng Diyos. Ito ay Lucas 17:30, upang matupad. Ito ay ang ikalawang. . . At Jeremias, at lahat ng iba pa sa kanila, na ipinangusap ni Joel ang tungkol sa mga araw na ito, *ito* ang araw na iyon. “Narinig ko, Panginoon, at Ito ay dumarating, nguni't ngayon ay nakikita ko Ito ng aking mga mata.”

¹⁸⁸ Bagama't marami. . . gaano man karami ang huwad na mga manggagaya na magsilitaw, silang Janes at Jambres

sama ng kanilang mga pakulo para gawin ang lahat na ginawa ni Moises, kailanma'y hindi siya natinag o maging si Aaron man. Nalalaman nila kung saan . . . katulad ni Job, nalalaman nila kung Sino ang pinagmumulan ng kanilang inspirasyon. Kanilang nalalaman na Iyon ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON! At ang siya ring Biblia na nangusap sa kanila, nagsabi, "Sila'y magsisidating sa huling mga araw, mga manggagaya." Yaong mga relihiyosong mga denominasyong iyon, kapag may bagay na nagpasimula . . . Sino ang nagsimula? Si Moises o sila? Kung sila ang nagpasimula, lalabas na si Moises ang-ang manggagaya.

¹⁸⁹ Ngayon mayroon tayong lahat ng mga uri ng mga taga-kilala at lahat ng iba pa na nagsisikap na ilayo ang inyong isipan sa tunay na bagay ng Diyos, na pinatunayan ng Diyos na Katotohanan sa pamamagitan ng Kaniyang Kasulatan. "Ating narinig ang tungkol Dito sa pamamagitan ng ating mga pakinig, ngayon ay nakikita natin Ito sa pamamagitan ng ating mga mata." Amen! Pinaniniwalaan n'yo ba Ito? [Ang kongregasyon ay nagsabing, "Amen."—Pat.]Ng ating buong puso! Inspirasyon! At sa araw na iyon kapag ang Anak ng tao ay mahayag, isang Anak ng tao, si Jesus Cristo na nahayag sa kalagitanaan ng Kaniyang bayan.

¹⁹⁰ Isang lalaki ay lumapit doon sa harapan ni Abraham at ng kaniyang lupon, isa lamang pangkaraniwang-anyo ng Lalaki, may alikabok ang kaniyang mga damit. Siya ay nakatalikod sa tolda, sinabi Niya, "Nasaan ang iyong asawang si Sarah?" (hindi S-a-r-r-a, S-a-r-a-h; A-b-r-a-h-a-m, hindi A-b-r-a-m). Tinawag ang kaniyang pangalan, sinabing, "Nasaan siya?"

¹⁹¹ Sinabi, "Siya'y nasa loob ng tolda, sa likuran Mo."

¹⁹² Sinabi, "Aking dadalawin ka ayon sa panahon ng buhay" (at palihim siyang tumawa). Sinabi, "Bakit siya tumawa?" (uh-huh). Ngayon, Kanyang ipinangako. Silang mga taong iyon ang naghihintay sa isang ipinangakong anak na lalaki.

¹⁹³ Ngayon, hindi mahalaga sa akin kung gaano man kumikilos ang mga tao sa mga denominasyong ito, na sila'y "naghihintay kay Cristo," ang kanilang mga kilos ay nagpapatunay na sila'y hindi. Iya'y tama. Ang inyong mga kilos ay nagsasalita ng mas malakas kaysa inyong mga salita. Lahat ng kanilang iniisip ay magkaroon ng mga maka-denominasyong kasapi, subali't may mga ilang tao, isa *rito* at *doon*, na naghihintay sa pagdating ng Panginoon. Sila'y nag-aantabay sa . . . gayon man. Tanging sa mga yaon lamang Niya ihahayag ang Kaniyang sarili, tanging mga yaon ang makauunawa.

¹⁹⁴ Ang mga Hinirang lamang ang nakakaunawa kung Sino Siya. Isipin lamang, mayron sigurong mga tatlong milyong mga tao noon, mga Hudyo, sa lupa, wala pang maka-ikatlong bahagi sa kanila ang nakaalam na Siya ay naroon hanggang sa Siya

ay naparito at nakaalis na. Kita n'yo? Nguni't ipinahayag Niya ang Kaniyang sarili sa kanila na naghihintay: si Juan Bautista, at-at ang mga apostol na natawag sa pamamagitan ni Juan, at iba pa, at si Anna na bulag sa loob ng templo, si Simeon na saserdote na "iyon ay ipinahayag sa kaniya sa pamamagitan ng Espiritu Santo na kaniyang makikita ang Cristo." Lahat yaong mga dakilang relihiyosong mga pinuno na iyon, mga teologo at mga bagay-bagay, bulag sila talaga!

¹⁹⁵ Ang ulan lamang ang makagawa na buhayin ang binhi, kung ang binhi ay naroon na. At bilang na ikaw ay isang binhi sa iyong ama, at hindi ka pa niya kilala, gayon pa man ikaw ay naroon sa iyong ama. Datapuwa't sa pamamagitan ng lupang punlaan ng iyong ina, ikaw ay nahayag sa kaniyang larawan, at sa gayon magagawa niyang makipag-usap sa iyo. Ang Diyos, ang Dakilang Diyos; kung kayo'y may Buhay na Walang hanggan, kung magkagayon ang binhi ng Buhay na Walang hanggan ay nasa Diyos sa pasimula. At ikaw ay naroon, ikaw ay nasa Kaniyang kaisipan, ang iyong pangalan at lahat. At Siya, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, ay itinalaga ka upang makita Ito. At kayo na hindi itinalaga, kailanman ay hindi Ito makikita. Datapuwa't, alalahanin, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, "Ang oras ay narito na!" Hindi n'yo ba Siya sasampalatayanan? Ialay ang inyong mga buhay sa Kaniya. Kailangan ko nang huminto, lampas na sa ika-siyam.

Iyuko natin ang ating mga ulo.

¹⁹⁶ "Narinig ko, Panginoon, ang tungkol sa Iyo, ngayo'y nakikita Kita!" Panginoong Jesus, pagpalain Mo ang mga taong ito habang sila ay naghihintay.

¹⁹⁷ Ngayon ako'y magtatanong sa inyo ng isang katanungan. Hahayaan ko ang Espiritu Santo (ako'y nagtitiwala na gagawin Niya) na saliksikin ang inyong mga isipan, siyasatin kayo, siyasatin ang inyong kaluluwa, at tingnan kung kayo ay totoong sumasampalataya. At kung inyong masumpungan na mayroong kaunting pag-aalinlangan doon, maaari bang itaas ninyo ang inyong kamay? Sabihing, "Panginoong Jesus, payagan akong makita Ka. Narinig ko ang tungkol sa Iyo, subali't hindi pa talaga Kita nakita. Payagan akong makita Ka, sasampalataya ako." Mabuti. Iya'y mainam.

¹⁹⁸ Mayroon bang ilan dito na hindi pa nakakakilala sa Kaniya bilang inyong Tagapagligtas? Itaas ang inyong kamay, sabihing, "Kung . . . ako—ako'y isang makasalanan, nguni't kung ako . . . kung Ikaw—kung Iyong pahihintulutan lamang akong makita Ka, Panginoong Jesus, ihayag ang Salitang ito na sinasabi nila. Alam ko na sa ganiyan Ka nakita ni Job. Alam kong sa ganiyan Ka nakita ni Abraham. Alam kong sa ganiyan Ka nakita ng iba pa sa kanila, dahil iyon ay Iyong ipinangakong Salita na pinagtibay. Narinig ko ang lahat ng uri ng mga bagay, at

mga pakulo, at lahat na, nguni't napag-unawa ko na mayroong isang huling-araw na Mensahe sa lupain, na naipangusap sa pamamagitan ng isang Anghel doon sa ilog, noong 1933. Narinig ko ang mga gawaing pagpapagaling na nagaganap, at alam ko na kapag iyon ay maganap, iyon ay hindi makakapanatili sa dating ring makadenominasyong pamamaraan na iyan.” Ito ay hindi isinugo para diyan, hindi pa kailanman nanatili doon. (Patlang sa teyp—Pat.) . . . ? . . .

¹⁹⁹ Ano kaya kung dumating si Moises, sinabing, “Tayo’y gumawa ng isang arkang katulad ng ginawa ni Noe, magpatianod palabas doon sa ilog palabas ng Egipto”? Oh, hindi. Kita n’yo? Hindi! Siya ay mayroong isang Mensahe na mula sa Diyos, siya ang kapahayagan. Ang propetang iyon na lumilitaw sa tagpo, ay dapat na nagpatunay sa Israel mismo doon. Sila ay hindi nagkaroon ng propeta sa loob ng apat na raang taon, sila ay hindi nagkaroon ng propeta, at narito isang propeta ay lumitaw sa tagpo. Dapat nilang nalaman na may bagay na nagaganap.

²⁰⁰ Ang Israel muli ay hindi nagkaroon ng isang propeta sa loob ng daan-daang taon, at narito dumating si Jesus sa tagpo. At ang babae sa balon, sinabing, “Ginoo, talastas ko na Ikaw ay isang propeta. Ngayon, kami ay hindi nagkaroon ng isa sa loob ng apat na raang taon.” Sapagka’t, nalalaman Niya kung ano ang nasa kaniyang puso. Kita n’yo?

²⁰¹ Ngayon, tayo’y napangakuan ng isang kapanahunan ng iglesya sa pamamagitan ng mga repormador, at nagkaroon nga tayo ng mga iyon. Subali’t Siya ay nangako, sa Malakias 4, pinanatili Niya ang Kaniyang plano sa huling mga araw, kung ano ang mangyayari, “Upang papagbaliking-loob ang puso ng mga anak sa Pananampalataya ng apostolikong magulang.” Para sa pinakalayuning iyan! At ang iglesya ay labis na nagkawatak-watak sa mga denominasyon at mga ismo, ito’y nagkagutay-gutay hanggang sa ito’y mamatay; ito’y naging isang tagapagdala. At pagkatapos Kanyang ipinangako, na sa panahon ng Mensahe ng ikapitong anghel, ang Pitong Tatak ay mahahayag; at ang mga hiwaga ng Diyos ay mailalahad (Apocalipsis 10) kapag ang ikapitong anghel ay magsimulang patunugin ang kaniyang Mensahe, hindi ang gawaing pagpapagaling, ang Mensahe na kasunod ng gawaing pagpapagaling.

²⁰² Si Jesus ay isang “dakilang lalaki” hangga’t Siya ay nagpapagaling ng maysakit. Nguni’t nang sabihin Niyang, “Ako at ang Aking Ama ay Iisa.”

²⁰³ “Huh-uh! Iyon ay mali!”

²⁰⁴ Si Job ay “dakila,” hangang sa may bagay na nangyari sa kaniya. Kita n’yo? Iyon ay parating ganoon.

205 Manampalataya! Tatanggapin n'yo ba Siya ngayon? Itaas ang inyong kamay, sabihing, “ako ay sumasampalataya sa Kaniya. Nais kong tanggapin Siya.” Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Iya'y mainam.

Ngayon maupo kayo ng tunay na matahimik at pansumandaling manalangin.

206 Mahal na Diyos, sa mapitagan na sandaling ito, ito'y magiging isang panahon na tulad nito kapag totoong magkakaroon ng isang dagundong ng kulog balang araw, at ang Anak ng Diyos ay bababang buhat sa sangkalangitan na may sigaw, na may tinig ng Arkanghel, at ng pakakak ng Diyos, ang mga patay kay Cristo ay magsisipagbangon. At bawa't isa sa amin ay nalalaman at may kamalayan ngayong gabi, Ama, na kami ay mananagot sa bawa't salita na aming ipapahayag, at sa bawa't salita na aming sinasabi. Maging ang mga haka na nasa aming mga puso, kami'y mananagot para sa mga ito. Aking dalangin sa Iyo, Diyos, sa Pangalan ni Jesus, na Iyong linisin ang bawa't pusong naririto. Linisin ang aking puso, linisin ang mga puso ng mga taong ito. At nawa kami ay maging handa, Panginoon, at nawa ang aming espirituwal na mga mata ay mabuksan ngayong gabi upang makita ang Kaluwalhatian ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Aming narinig ang tungkol sa Kaniya, Oh Amang, Diyos, aming dalangin na Iyong pahintulutan kaming makita Siya. Ipagkaloob ito, Ama. Ipagkaloob ang mga pagpapalang ito, aking idinadalangin, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

207 Alalahanin: Sa inyong puso, kung saan kayo'y nakaupo, gumawa ng inyong munting altar. Sabihing, “Panginoong Jesus, pumasok Ka sa aking puso ngayon. Pagkalooban ako ng isang bagay na . . . isang bagay na maari konyong panghawakan. Pahintulutan akong madama ang inspirasyon na iyon na nagsasabi sa akin na Ika'y ‘naririto.’”

208 Ngayon, napakabigat na pangungusap para sabihin sa mga tao! Isang—isang napakabigat na bagay para gawin! Ngayon ay aking hilingin sa Panginoong Diyos, hilingin . . .

209 Ilan sa inyo ang kumukuha ng mga teyp? Narinig n'yo ba ang tungkol sa: *Anong Oras Na Ba, Mga Ginoo?* Amin bang naipakita ang mga babasahing iyon at ang mga bagay-bagay, isang taon bago ito maganap? Ang siyensiya ay hindi makasagot tungkol dito. Naroon ang Panginoong Jesus na may putong at suot ang puting pelukang iyon gaya ng inyong nakikita sa Biblia, sa Apocalipsis 1, at sa Daniel, Kataas-taasang Hukom ng Langit at lupa. Doon mismo, maging ang siyensiya ay hindi man lamang Ito makita sa ganang kanila. At sa obserbatoryo, doon sa Pamantasan ng Arizona at hanggang doon sa Mexico, sila'y nagsasaliksik, ginawa iyon may dalawang taon na. At

naroon iyon na naipangusap sa inyo, iyon ay “magaganap,” bago pa man.

²¹⁰ Paano naman ang lindol sa Alaska? Matyagan ang Hollywood ay lulubog sa ilalim ng dagat! Matyagan at tingnan kung ito ay hindi magaganap. Siya’y hindi pa kailanman nagsabi sa akin ng anumang bagay na mali, ito’y magaganap. Kita n’yo? At matyagan lamang at tingnan kung tayo’y hindi namumuhay sa pagtatapos na mga oras ng kasaysayan. Walang sinumang tao ang nakaaalam kung anong oras na Siya’y darating. Datapuwa’t nalalaman ko ang isang bagay: ako’y naniniwala, sa aking kasalukuyang kalalagayan, kung ako’y nasa aking wastong pagiisip, at kung ako ay hindi isang Kristiyano, tiyak ko na nanaisin kong maging isang tunay na Kristiyano ayon sa Biblia, hindi isang maka-denominasyon. Huwag magtiwala ‘pagkat sa kayo’y sumigaw. Napakinggan natin iyan kaninang umaga, napatunayan ito sa pamamagitan ng Salita ng Diyos; ito’y ganap na wala sa kalooban ng Diyos, walang nagawang isang bagay kundi nagdudulot sanhi ng kamatayan. Huwag mapasa uhay, mapasa Buhay. Kita n’yo? Magkaroon ng pananampalataya sa Diyos.

²¹¹ Sumasampalataya ba kayo na ang Diyos na may gawa ng pangakong ito, na nagpakita Siya mismo, sa Aklat ng Genesis, at nagpakita kay Abraham at gumawa ng himalang iyon. . . Ang Diyos ding iyon ay nagkatawang tao, laman ng tao, isinilang ng isang birhen. Iyon ay isang theophany doon, totoo, nguni’t gayun pa man nang Siya ay dumating sa laman ng tao at siya ring tao, at gumagawa ng gayunding mga bagay. . . Hindi ba kayo nananampalataya na kung ang Diyos ay makuha ang isang tao, na Kaniyang ipinangakong gagawin sang-ayon sa Malakias 4, isang daluyan na sa pamamagitan nito’y makapangusap Siya, ay Kaniyang gagawin ang gayunding bagay na sinabi Niyang Kaniyang gagawin doon? Sumasampalataya ba kayo rian? Sumasampalataya akong gagawin Niya, rin.

²¹² Sumasampalataya ba kayo na maaari kayong magkaroon ng pananampalataya na mahipo ang Kaniyang damit, Kaniyang pananampalataya upang mahipo ang damit? Naniniwala ba kayong mga naririto ngayon na may isang bagay na nangungusap sa inyong puso na magsasabi sa inyo na may pananampalataya kayo na mahipo ang Kaniyang damit? Kayo ba ay sumasampalataya na inyong magagawa iyan? Kayo nga ay umabot at hipuin sa pamamagitan ng inyong pananampalataya kung gayun, hindi sa emosyon, sa pamamagitan lamang ng totoong dalisay, purong pananampalataya. Sabihin lamang, “Panginoon, sumasampalataya ako. Ako ay sumasampalataya ng buong puso ko. Nais kong hipuin Mo ako ‘pagkat ako—aking narinig na ginawa Mo iyon, ngayo’y nais kong makita ito ng sarili kong mga mata.”

213 At hindi ko magagawang hipuin kayo. Kailangan nito na ang Diyos ang gagawa ng paghipo. Sumasampalataya ba kayong gagawin Niya ito? [Ang kongregasyon ay nagsabing, "Amen."—Pat.]

214 Ako'y tumitingin mismo dito sa gawing kaliwa ko. Para bang may isang daluyan, para bang, habang nangungusap ako, may humahatak sa gawing iyon. Yamang ako'y naituturo sa gawing iyon, ngayon ito'y dumarating ng kamangha-mangha. Ito'y isang babaing nakaupo roon kasama ang kaniyang asawa. Hindi siya taga rito. Siya'y taga Texas, sa Dallas. Siya'y nagdurusa, ang kaniyang asawa'y nagdurusa din. Siya'y nagdurusa sa isang kumplikasyon, nagkaroon siya ng operasyon. Iya'y tama. Ang kaniyang asawa ay may dinaramdam sa kanyang likod, sakit sa likod. Sina G. at Gng. Corbet, na taga Texas; Dallas, Texas. Kung totoo iyan, ay itaas ang inyong kamay. Ako'y isang estranghero sa inyo. Iyan ba ay tama? Walang anuman sa mundo para sa akin upang malaman iyan. Ano iyon? "Narinig ko ang tungkol sa Iyo sa pamamagitan ng pakinig, ngayo'y nakikita Kita." Nauunawaan n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ngayon tanungin n'yo ang mag-asawang iyan. Hindi ko pa sila kailanman nakita sa tanang buhay ko. "Narinig ko ang tungkol sa Iyo sa pamamagitan ng pakinig, ngayo'y nakikita Kita ng aking mata."

215 Kung magagawa ninyong sumampalataya, ang Diyos ay magagawang ipagkaloob ang anumang inyong kailangan.

216 Ang lalaking iyon na nakaupo roon na nakapangalumbaba, na may alta presyon. Sumasampalataya ka bang pagagalangin ka ng Diyos, ginoo? Sumasampalataya ka? Nakaupo na ang iyong kamay ay *nakaganito*, sumasampalataya ka bang pagagalangin ka ng Diyos sa alta presyong iyan? Itaas ang iyong kamay, kung sinasampalatayanan mo Ito. Mabuti, ginagawa Niya ito. Hindi ko pa nakita ang lalaki sa buhay ko, wala akong alam na anumang bagay tungkol sa kaniya. Nguni't narinig ninyo na sinabi ni Jesus, dito sa Biblia, na gagawin Niya ang mga bagay na ito, ngayon nakikita ba ninyo ito! Nauunawan n'yo ba ang ibig kong sabihin? "Kung ikaw ay sumasampalataya, lahat ng mga bagay ay may pangyayari." Sa kanila lamang na sumasampalataya! Kinakailangan nito ng totoo, tunay na pananampalataya upang gawin iyon. Subali't kung masasampalatayanan mo Ito, ang Diyos ay ipagkakaloob ito.

217 May isang babaing nakaupo doon mismo sa likuran, nakatingin sa akin, mayroong goyter sa kaniyang lalamunan.

218 Ang babae na nakaupong kasunod, nakaupo sa tabi niya, upang kaniyang maunawaan, ang babaing iyon doon ay may alta presyon, din. Iya'y tama.

219 Ang babaing nakaupo sa tabi niya, siya ay may-may karamdaman, din. At siya'y hindi taga rito, siya'y taga Arkansas. Kanilang napapalampas ito. Binibining Philips, manampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo at gumaling! Sinasampalatayan mo ba Siya? Ng buong puso mo? Tinatanggap mo ba Ito? Tama. Kung gayo'y makakamtan mo ito.

Ngayon inyong sasabihin, "Iya'y mahiwaga." Hindi! Hindi!

220 Sinabi ni Jesus, "Ang pangalan mo ay Simon, ika'y anak ni Jonas." Iyan ba'y tama?

221 "Narinig ko ang tungkol sa Iyo sa pamamagitan ng aking pakinig, ngayo'y nakikita Kita ng aking mata." Ngayon hindi ba ninyo nakita kung ano ang nangyari? May isang nakaupo lamang doon, tumitingin, sumasampalataya, nagtitiwala, at biglang-bigla hayun iyon ay nangyari. Kita n'yo?

222 Maigi na ba ang pakiramdam, anak, ngayong gabi, kaysa pakiramdam mo kagabi? Nakakaupo na? Ito'y mabuti na ngayon, ika'y gagaling na (uh-huh). Nakaupo rito kagabi, iniuumpog ang kaniyang ulo at lahat na; ngayon, ngayong gabi, siya ay mukhang isang maginoo. Kita n'yo? Siya ay medyo nalilito tungkol sa mga bagay-bagay, subali't ito'y naituwid nang lahat ngayon. Kita n'yo? Bubuti na ito. Kita n'yo? "At sa araw na iyon, ang Anak ng tao ay maihahayag, kita n'yo, bago pa sunugin ang Sodoma."

223 "Narinig ko ang tungkol sa Iyo sa pamamagitan ng pakinig, ngayon ay nakikita Kita ng aking mata. Narinig ko si Jesus Cristong nangusap na Kaniyang ipinangako iyan, nakikita ko na ang pangakong iyan nabubuhay mismo ngayon." Kita n'yo? "Narinig ko ang tungkol sa Iyo sa pamamagitan ng pakinig, ngayon ay nakikita ko Siya ng aking mata." Ilan ba ang naniniwalang Iyan ay Siya nga? (Oh Diyos!)

224 Ngayon, habang tayo'y naririto... gumagabi na. Bukas ng gabi ay magkakaroon tayo ng isang malaking gawaing pagpapagaling. Kami'y umaasa si Kapatid na Moore at ako na tatayo rito at mananalangin para sa bawa't tao na gustong mapasa hanay. Nguni't naisip ko sa pagsasabi nito ngayong gabi, na gagawin ko na lamang ang pananawagan sa altar. Nguni't pagkatapos naisip ko, "hindi," sinabi Nito roon, "Narinig ko ang tungkol sa Iyo sa pamamagitan ng pakinig, ngayon nais kong makita Ka sa pamamagitan ng aking mata." Ngayon Siya'y naririto. Sumasampalataya ba kayo riyan?

225 Ngayon ating ipatong ang ating mga kamay sa isa't isa. Ngayon, alalahanin, siya ring Isang iyon na nangakong gagawin Niya *ito*, sinabi, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na sumasampalataya." Sinabi ba Niya Iyon? Kayo ba'y isang mananampalataya? Sabihin ang, "Amen." Buweno, kung gayon, ang siya ring Diyos na gumawa ng pangakong *ito* na inyong nakikita Siyang gumagawa ngayun-ngayon lang, . . . Tanungin ang sinuman sa mga taong iyon, hindi ko pa kailanman

sila nakita, walang nalalamang anumang bagay tungkol sa kanila. Hindi ko magawang makilala sila mismo ngayon, kita n'yo, imposible para sa akin na gawin. Datapuwa't ang Kasulatang iyon ay dapat na matupad! Buweno, kung iyan ay natupad, ipinakikita nitong tayo'y nasa huling kapanahunan na, malalaman nating ang Anak ng tao ay handa nang. . . nang dumating, dahil Kaniyang inihahayag ang Kaniyang sarili sa laman ng tao. Iyan ba'y tama?

²²⁶ Kung gayon ay nalalaman nating ito'y totoo, at sinasabi ninyong kayo'y isang mananampalataya sa Kaniya, at ang inyong mga kamay ay nakapatong sa isa't isa. At kung ang inyong mga kamay ay nakapatong sa isa't isa, ang siya ring Anak ng Diyos na iyan na naririto upang *ito* ay gawing totoo sa inyong mga mata, ang siya ring Anak ay naririto upang sabihing, "Sila'y magsisigaling!" Ang siya ring Anak ng Diyos! "Narinig ko na sinabi Niya, 'Kung ipapatong ng mananampalataya ang kanilang mga kamay, sila'y magsisigaling.' Narinig ko ito sa pamamagitan ng aking pakinig, ngayon ay pahintulutan akong makita ito ng aking mga mata. Ipinangako Niyang gagawin ito."

Ngayon habang ako ay nananalangin, manalangin kayo.

²²⁷ Panginoong Jesus, sa Pangalan ng Panginoong Diyos ng Langit, hayaang bumaba ang Iyong Espiritu sa puso ng mga taong ito; ang tunay na pananampalatayang iyan ng Diyos, na magpapatunay sa pangakong ito sa kanila. At nawa ang Diyos ng Kalangitan ay pagalingin ang bawa't isa sa kanila, habang sila ay sumusunod sa Iyong mga utos sa pamamagitan ng pagpatong ng mga kamay sa isa't isa. Maging gayon nawa ito, Panginoon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipagkaloob na maging gayon ito, para sa Iyong kaluwalhatian.

²²⁸ Ngayon, sumasampalataya ba kayo na inyong natanggap ang inyong hiniling? Mayroong bang bagay sa inyong puso na nagsasabi sa inyo? Nadarama ba ninyo ang munting bahid na iyan ng inspirasyong, nagsabing, "Aba, ito'y tapos na! Ito'y nagawa na!"?

²²⁹ Ang utos ng Diyos ay nagsabi na ating maririnig ito sa pamamagitan ng ating pakinig, ngayon ay makikita natin ito ng ating mata. Sinabi ni Job, "Aking narinig ang tungkol sa Iyo sa pamamagitan ng pakinig, subali't ngayon ay nakikita Kita ng aking mga mata."

²³⁰ Ngayon, inyong narinig ito sa pamamagitan ng Salita, sa pakikinig ng Salita, "Ang pananampalataya ay dumarating sa pakikinig, sa pakikinig ng Salita." Ngayon ay nakikita ninyo Itong kumikilos, sa pamamagitan ng inyong mga mata! Ngayon, ang Diyos ding iyon na nagsabi na, kapag ang mga bagay na ito ay magaganap, na "ang mga mananampalataya Nito ay magpapatong ng kanilang mga kamay sa maysakit at sila'y magsisigaling." Ngayon ito ba'y dumating sa inyong mga puso na

kayo'y "magaling na"? Itaas ang inyong kamay kung nangyari nga ito. Amen! Iyan ang totoong apostolikong pagpapagaling. Siqurado ka dito? Sinampalatayanan mo ba ito ng iyong buong puso? Aleluya! Iyan lang ang kailangan natin.

Magsitayo tayo at ibigay ang papuri sa Kaniya, kung gayon.

²³¹ Salamat sa iyo, Panginoong Jesus. Purihin ang Pangalan ng Panginoon.

I will praise Him! I will praise Him!
Praise the Lamb for sinners slain;
Give Him glory, all ye people,
For His Blood has washed away each stain.

²³² Ngayon, mahal n'yo ba Siya? Ngayon tayo'y, lahat sama-sama, ay luwalhatiin Siya, lahat kayong mga tao. Ngayon, tumingin, kung iyan ay inihayag sa inyo ng Diyos, sa daluyan na kayo ay naligtas, ang siya ring daluyan na nagsabi sa inyo na "kayo ay naligtas," sa daluyan ding iyon ang Diyos ay kumilos, gaya ng Kaniyang ginawa sa pamamagitan ni Job at sa mga propeta, Siya'y kumilos sa inyo sa pamamagitan ng daluyang iyon bilang isang Kristiyano, sa pamamagitan ng Kaniyang Banal na kapahayagan na "kayo ay magaling na," kung gayon ay wala nang makapipigil dito sa pagka-kaganapan.

So we give Him glory, all ye people,
For His blood has washed away each...
(bawa't pag-aalinlangan; nilinis ang bawa't pag-aalinlangan.)
I will praise Him! I will praise Him!
Praise the Lamb for sinner slain;
Give Him glory, all ye people,
For His blood has washed away each stain.

²³³ Oh, hindi n'yo ba Siya iniibig? Ah, kamangha-mangha. "Narinig ko ang tungkol sa Iyo, Panginoon, sa pamamagitan ng aking pakinig, at ang pananampalataya ay dumarating sa pamamagitan ng pakikinig; nguni't ngayon ay nakikita Kita, ang Diyos ay ipinakilala ang Kaniyang sarili sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan katulad nang ginawa Niya kay Abraham, sa pamamagitan ng Kaniyang pangako rito na ang Anak ng tao ay ihahayag ang Kaniyang sarili sa mga araw na ang sanlibutan ay magiging tulad sa kalagayang Sodoma."

²³⁴ At mayroong tatlong mensahero noon ang humayo, bumaba mula sa Langit.

²³⁵ At mayroong isang makadenominasyong lupon noon doon sa Sodoma, at isang Billy Graham at isang Oral Roberts ang nagtungo roon. At tandaan gaya ng sinabi ko sa inyo, wala pa sa kasaysayan ng iglesya na nagkaroon kailanman ng isang mensahero na isinugo sa buong mundo sa iglesya, hanggang sa ngayon, na ang kaniyang pangalan ay nagtatapos katulad ng

kay Abraham, h-a-m. G-r-a-h-a-m, anim na titik, sa sanlibutan, numero ng tao.

²³⁶ Datapuwa't si Abraham ay may pitong titik sa kaniyang pangalan, ang ganap at sakdal na numero ng Diyos. Kita n'yo?

²³⁷ At pansinin kung ano ang ginawa ng mga mensahero na nagpunta doon: ipinangaral ang Salita, tinawag sila palabas, sinabi sa kanila na magsipagsisi.

²³⁸ Datapuwa't yaong Isa na nagpaiwan kasama ni Abraham, kita n'yo, gumawa ng isang himala sa pamamagitan ng pagsasabi kay Abraham kung ano ang ginagawa at iniisip ni Sarah sa loob ng tolda sa likuran Niya. At si Jesus, ang Siyang naroon sa personang iyon, sinabi, "Kapag ang sanlibutan ay malagay sa kalagayang Sodoma, katulad noon, ang Anak ng tao ay mahahayag muli." At lahat ng iba pang mga Kasulatan ay pinatutunayan na iyan ay gayun nga. Ang. . . "Nang pasimula ay ang" [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Salita,"—Pat.] "at ang Salita ay sumasa" ["Diyos,"] "at ang Salita ay" ["Diyos."] "At ang Salita ay nagkatawang tao at nanahan sa ating kalagitnaan." Iyan ba ay tama? Ngayon ating nakikita ang siya ring ipinangakong Salitang iyan, ng Lucas, ng Malakias, lahat ng iba pang mga pangakong ito para sa araw na ito, nagkatawang tao, nananahan sa ating kalagitnaan, na ating narinig sa pamamagitan ng ating mga pakinig; ngayon ay nakikita natin Siya (ng ating mga mata) ipinapaliwanag ang Kaniyang Sariling Salita, hindi natin kailangan ang anumang kapaliwanagan ng tao. Oh iglesya ng buhay na Diyos, dito at sa mga nasa telepono, gumising ng madali, bago pa mahuli ang lahat! Pagpalain kayo ng Diyos.

I love Him, I love Him
Because He first loved me,
And purchased my salvation
On Calvary tree.


²³⁹ Maiisip ba ninyo, iglesya, na kayo'y tumitingin sa inyong sariling mga mata. . . Ang buhay na Salita ng Diyos ay nahayag, ang pangako ng panahon, sa huling mga araw, na tumitingin sa pamamagitan ng inyong sariling mga mata sa buhay na Salita na ipinaliwanag sa natural na anyo, ang Diyos sa ating kalagitnaan! "Nakikita ko Siya ng aking mga mata, yaong Isa. . . narinig ko na gagawin Niya iyon." Lahat ng dating mga pantas ay nagsipaghintay para sa araw na ito, ngayon ay nakikita natin Ito na nahayag sa ating sariling mata. Ilan ba ang dating sumisigaw na mga Metodista, mga Baptist, at ang tunay, totoong mga pentecostal sa kanilang kapanahunan, ay inaasam na makita itong maganap! Karamihan sa kanila ay nakaaalam na ito ay magaganap. Datapuwa't tumatayo tayo ngayong gabi nasasaksihan itong nagaganap! Oh! Hindi n'yo ba Siya iniibig?

²⁴⁰ Ngayon, sinabi ni Jesus, “Sa pamamagitan nito’y makikilala ng lahat ng mga tao na kayo’y Aking mga alagad, kapag iniibig ninyo ang isa’t isa.” Kaya bilang iniibig natin Siya, kamayan natin ang isa’t isa at awitin ang *I Will Praise Him! I Will Praise Him!* Mabuti.

I will praise Him! I will praise Him!
 O praise the Lamb for sinners slain;
 Give Him glory, all . . . (kumusta ka?) . . . people
 For His Blood has washed away each stain.

²⁴¹ Anong sinabi ng reyna ni Belsasar sa harapan ng kaniyang hari ng gabing iyon? “May isang lalaki sa iyong kaharian na tagapag-alis ng mga pag-aalinlangan.” At ang Espiritu Santo, ngayong gabi, ang siyang tagapag-alis ng pag-aalinlangan! Naniniwala ba kayo riyang? [May kinausap si Kapatid na Branham—Pat.] Ang tagapag-alis ng pag-aalinlangan! Ngayon, ang Dugo ni Cristo ang nag-alis ng bawa’t dungis, ang dungis ng pag-aalinlangan. Wala nang mas lalaki pang kasalanan sa sanlibutan kaysa di-pananampalataya, “Sapagka’t siyang hindi sumasampalataya, ay nahatulan na!” Tama ba iyan? “Siyang hindi sumasampalataya ay hinatulan na.” May isang kasalanan lamang, at iyon ay ang di-pananampalataya. Ang paninigarilyo ay hindi kasalanan, ang pagsusumpa ay hindi kasalanan, ang pangangalunya ay hindi kasalanan, ang pagsisinungaling ay hindi kasalanan; iyon ay hindi kasalanan, iyan ang bunga ng di-pananampalataya. Di-pananampalataya! Ginagawa mo iyon dahil hindi ka sumasampalataya. Kung sinasampalatayanan mo Ito, hindi mo iyon gagawin.

²⁴² Oh! Oh! Anong . . . Kamangha-mangha! At ang Dugo ng Cordero ay nilinis ang bawa’t pag-aalinlangan. Sinasampalatayanan natin ang Kaniyang Salita, ng lubusan. Sumasampalataya tayo na ang Salita ay nagkatawang tao. At sumasampalataya tayong ang Salita ngayon ay nagkatawang tao sa pamamagitan ng pagpapatunay ng Kaniyang Presensiya ngayon upang pagtibayin ang Kaniyang Salita. Sinasampalatayanan ba ninyo Ito? Pagpalain kayo ng Diyos.

²⁴³ Umaasa kaming makikita kayo rito sa umaga, sa isang napakagandang panahon sa Panginoon. Iyuko ang inyong mga ulo ngayon, at ibinibigay ko na ang gawain kay Kapatid na Lindsay. 

AKING NARINIG NGUNI'T NGAYO'Y AKING NAKIKITA TAG65-1127E
(I Have Heard But Now I See)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Nobyembre 27, 1965 sa Life Tabernacle sa Shreveport, Louisiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2007 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org